# *PAGPAPATUNAY SA KANYANG SALITA*

Iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali lamang. Minamahal na Amang Makalangit, nagpapasalamat kami na narito kami ngayong gabi. Kami, kami'y nagpapasalamat na batid naming ang Iyong Presensya ay naririto't kasama namin. Ngayon ay dalangin naming magministeryo Ka sa bawat isa sa amin, ayon sa aming pangangailangan. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen. (Makakaupo na kayo.)

Sadyang kay sarap sa pakiramdam na gumagana nang maayos ang mga mikroponong ito. Ikinalulungkot kong medyo nagulo ko 'yung kahapon, 'yung Mensahe na gusto kong makuha n'yo nang husto.

2 At gusto kong tiyaking makikita n'yo 'yun. Ito'y ang—ang angkla na mayroon tayo. Hindi tayo nakaangkla sa isang iglesya. Nakaangkla tayo kay Cristo, kita n'yo. Siya lang ang tanging Daan. Siya ang tanging dako ng kaligtasan, ang tanging dako na inilagay ng Diyos ang Kanyang Pangalan. At sinabi ng Diyos na kakatagpuin Niya ang mga tao sa dako na pinili Niyang paglagyan ng Kanyang Pangalan; hindi sa alinmang pintuang-daan, kundi sa pintuang-daan na Kanyang pinili. At sa dako na 'yun ay Kanyang kakatagpuin ang mga tao, at doon lamang. At nalaman natin na hindi kailanman inilagay ng Diyos ang Kanyang Pangalan saanman kundi sa Kanyang Anak lamang, na si Jesus Cristo, kung papaanong dinadala sa tuwina ng anak ang pangalan ng ama.

At ngayon sasabihin n'yo, "Buweno, saan naman 'yun maiuugnay ngayon? Sinasabi ng bawat isa, 'Na kay Jesus ako.'"

3 Siya ang Salita. Yaong, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. Ang Salita ay nagkatawang-tao at nanahan sa gitna natin." Muli, nasusulat din sa ika-19 na kabanata ng Apocalipsis, noong makita natin Siyang dumarating, ang Nobya at ang Nobyo, Ang Kanyang damit ay inilubog sa Dugo, "Ang Kanyang Pangalan ay tinatawag na 'Ang Salita ng Diyos.'" Siya ang Salita ng Diyos.

4 At, 'yun nga'y, Siya ang kapangyarihan na nagbibigay-buhay. Siya ang Espiritu Santo, ang—ang dinamika na pumapasok sa mekanika, ang mga Salita, na nagbibigay-buhay Rito. At kinakailangang magtulungan ang buong ito, kung hindi'y sadyang hindi ito gagana. Kailangan na buong Biblia mismo, ang buong Cristo, ang buong Ebanghelyo.

5 Gusto kong sabihin, sa panel na ito na napanood ko sa telebisyon kagabi, alam kong ipapalabas ito, at pinanood ko ito. Gusto kong magkomento sa mga kapatid na ito, 'yung mga nasa panel na 'yun, napakahusay ng pagsagot sa mga tanong! At isa akong listong kritiko, alam n'yo, kahit papaano, pero wala pong maipupuna roon. Ganap na tunay 'yun, at masasang-ayunan ko 'yun, nang sandaang porsyento. [Nagpapalakpakan ang kongregasyon—Pat.] Salamat. Amen. Ang mga sagot na 'yun ay saktong-sakto sa punto. Talaga pong hinahangaan ko 'yun. Hangad ko lamang na mayroon sana akong film para maipakita sa simbahan ko sa amin. Maganda po kasi talaga.

6 At labis akong nagpapasalamat na malaman na—na nakikitungo ang Diyos sa ibang dako, bukod sa ating sariling grupong Pentecostal, at gumagamit ng mga lalaki, yaong mga binhing 'yun ng Diyos, na nakahimlay roon sa lahat ng mga taon na ito, naghihintay para sa Liwanag na sumikat sa kanila.

7 At nagbibigay rin ito sa atin ng babala, mga kaibigan, na malaman na sinabi ni Jesus, "Kapag nagsimula nang pumasok ang mga natutulog na birheng ito upang bumili ng Langis, doon na parating ang Nobyo." Kaya makikita natin sa pamamagitan nun, kapag nakikita na natin ang Episcopalian, Presbyterian, Methodist, Baptist, Lutheran, na nagsisipasok na upang kumuha ng Langis, kung gayon 'yun na ang oras na dumating ang Nobyo. Tandaan natin 'yun.

8 Hindi pa ako kailanman nasabihan ni Billy, na aking anak, ng tulad sa sinabi niya sa akin kani-kanila lang. Sabi niya, "Daddy, hindi ko sinasabi sa iyo kung ano ang gagawin. Hindi ko intensyon na pilitin ka sa anumang bagay, pero," sabi, "daddy, anuman ang gawin mo, ilagay mo ang lahat ng oras mo para sa mga maysakit." Sabi niya, "Hindi pa ako nakakita ng napakaraming may sakit!" Sabi, "Namigay ako ng dalawang daang card sa loob lamang ng isang saglit o dalawa." Sabi, "Napakaraming maysakit!" Bihira niyang sabihin sa akin 'yun.

9 At pagkatapos ay naparito ako ngayong gabi na may ilang maiiksing tala na isinulat ko rito, at ilang komento ukol sa paparating na paghahatol, at yamang batid ko na nakaupo tayo rito ngayong gabi na ang mismong poot ng Diyos ay yumayanig sa ilalim natin, at sandali na lamang ay hahagupit na ito. At nalalaman na nakaantabay ang poot ng Diyos; na sa sandali lamang na masambit ito, ay katapusan na, para sa milyun-milyon. At yamang nalalaman ko 'yun sa puso ko, at nalalaman na magkakagayon nga ito! At pagkatapos ay nakikita natin ang napakaraming may sakit, na nagsisiksikan at naghihilahan.

10 At naisip ko, "Ngayong gabi, karamihan sa kanila'y mga Cristiano." At hayaan n'yo na sabihin ko rito, kayong mga anak ng Diyos. Anuman ang gawin n'yo, bitiwan n'yo ang lahat ng iba pa. Paglingkuran n'yo ang Diyos, araw at gabi, nang buong

puso n'yo. Kayo, nararamdaman n'yong may bagay na mali. Masasabi n'yo ito habang naglalakad kayo sa mga lansangan, inyo ngang. . .at saan man kayo magpunta. Alam n'yo, kung kayo'y espirituwal; at alam kong kayo nga.

11 At kausap ko noon ang isang lalaki, si Kapatid na Stromei. Hindi ko alam kung nandito ba si Tony, o wala. Siya, siya'y. . . [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Tony Salameh?"—Pat.] Tony Salameh, Salameh, Salameh? Hindi. Maling Tony ang natukoy ko. [May sinasabi ang isang kapatid na lalaki.] Hindi, maling Tony 'yun. Ito 'yung Tony na—na—na taga-Tucson. Ano na uli ang pangalan niya? [May iba pang nagsasabi, "Stromei."] Stromei! Alam kong parang Salameh, Stromei, o iba pa. Napaghahalo ko lang. . .

12 Sa kanyang tindahan, noong isang araw, may pumasok na isang lalaki, na kapansin-pansin, may sinasabi siya na nagpabalik ng alaala sa akin, noong ako. . . noong huling naroon ako sa—sa India.

13 Kung saan, sa palagay ko'y ibinigay sa amin ng Panginoon ang pinakamalaking madla na nagkaroon kami kailanman sa isang gawain, doon sa Bombay. Ni hindi kami makahanap ng mga lugar saanman upang mapaglagyan sa kanila, grabeng laksa-laksa't libu-libong mga tao.

14 At bago pa kami makarating dun, may isang pahayagan na isinalin. Buweno, mangyari pong, ang India ay bansang may dalawang lingguwahe, kaya 'yun 'yung—'yun 'yung pahayagang Ingles. At sabi, "Buweno, tapos na siguro ang mga paglindol, nagliliparan na pabalik ang mga ibon sa kanilang mga tahanan sa kanilang mga pugad."

15 Ilang araw bago dumating ang lindol, na sumira sa mga bakod at bagay-bagay. Yung mumunting mga ibon kasi'y sa mga bato 'yan nagsisihanap ng masisilungan, at dun nagtatayo ng kanilang mga pugad; at sa hapon o sa tanghali, kung kailan talagang mainit ang araw, ang lahat ng mga hayop ay tumatayo sa paligid ng mga batong pader, para makasilong sa lilim. At sa loob ng dalawang araw, nanatili 'yung mga ibon doon sa mga puno, ayaw nilang pumunta sa kanilang mga pugad; at dalawang araw, 'yung mga hayop, 'yung mga tupa't mga baka, ayaw na nilang sumilong sa hapon, o maglagi sa paligid ng mga pader na 'yun. Sila—sila'y nanatili na roon sa bukid at sila'y nagsisisandal sa isa't isa, para sila'y maliliman.

16 Pagkatapos bigla na lang, isang lindol, ang talagang yumanig sa mga pader at iginuho ang mga gusali. At, kita n'yo, kung nandoon pa ang maliliit na ibong 'yun, nasawi na sana sila. Kung nakatayo nga 'yung mga baka sa ilalim nun, at ang mga tupa, napahamak na sana sila. Ang Diyos ay nagbababala nga sa kalikasan!

17 Ilang araw na ang nakalipas, sa tindahan ni Brother Tony, nakikinig ako sa isang lalaki roon na nagsabi . . . Noong maganap ang lindol na ito sa Alaska, nangingisda raw siya roon sa tinatawag naming Stony Point, sa Mexico. At sabi niya, “Ayaw kumain ng mga ibon, at ayaw na ring kumain ng mga isda. May kung anong mali. At, bigla na lang, lumindol.”

18 At noong isang araw, nang mangyari ang isang ’yun sa India, o kung saan man ito, sinabi niyang nangingisda raw siyang muli. Sa isip-isip niya, “Buweno, kakaiba ito. Nanginginain ng mga ganitong oras ang mga isdang ’yun. Walang isa mang alon sa tubig, kahit saan. Tahimik na tahimik ang tubig, na perpektong oras para manginain sana ang mga isda, pero hindi sila kumain. At lahat nung mga ibon na karaniwang naroroon, ’yung mga ibong gull, na dumadagit sa mga isdang ito at kung ano pa, hayun sila na nagpapalakad-lakad lahat sa dalampasigan, nag-uumpukan. Ilang saglit pa, nagsimula nang pumailanlang ang lumot ng dagat mula sa ilalim paakyat nang *paganoon*, lumindol na pala sa kabilang panig ng mundo.” Kita n’yo, alam nung mga isda na mayroong mali, may nakatakdang mangyari. Alam din ’yun ng mga ibon.

19 Tunay nga, na kung pinagkalooban ng Diyos ang isang isda’t isang ibon ng pang-unawang makatalos, gaano pa kaya na Siya’y magkakaloob ng ganoon sa Kanyang—Kanyang mga anak! Alam natin na nasa katapusan na tayo ng panahon, at ang paghatol ay nakaantabay na, kaya anupa’t tayo’y maging tunay na mapitagan. Tumalilis na kayo patungo sa Diyos nang buong puso n’yo! “Oh Capernaum, ikaw na itinaas sa langit, ibababa ka sa impyerno,” at sa araw na ito’y nakahimlay siya sa ilalim ng himlayan ng katubigan. Tandaan n’yo mismo, at manalangin.

20 Ngayon, sa gabing ito, gusto kong magbasa sa isang lugar dito sa Kasulatan, sa loob lamang ng ilang saglit. Mananalangin tayo para sa mga maysakit. Sinabi ni Billy na namigay raw siya ng isang bungkos ng mga prayer card. At namigay siya ng ilan kahapon, at hindi ko naasikaso ang alinman sa kanila kagabi. At napaisip ako, nang dumating ang Espiritu Santo . . . Sadya ngang . . . Hindi n’yo Ito mapapagana. Para itong maliit na panikwas, hinahatak mo mismo para kumambyo. Kayo ang nagpapagana sa Espiritu Santo, hindi ako. Kayo mismo ang nagpapagana dun. Kaya ako, kagabi, napansin ko maging sa espirituwal na pagkilala, hindi ito nakuha ng mga tao nang tama. Para bang hindi nila ito tinatanggap. Napagtanto ko ito, kamakailan lang dito, para pong, ganoon mismo, habang nagsasalita mismo ako, na pinapatungan ng kamay ang mga maysakit, alam nila.

21 Dapat nating mapagtanto na sa atin ay ibinigay ito, tayo na mga naniniwala kay Jesus Cristo at ipinanganak ng Kanyang Espiritu at napuspos niyaong kapangyarihan na ’yun na nagbibigay-buhay, ang kapangyarihang ’yun na nasa

inyo. Sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, sa iba, tulad ng ginawa ng mga alagad at sa pagdaan ng panahon, lubos Nitong pinagaling ang mga maysakit, binuhay ang mga patay, nagpakita Ito ng mga pangitain, mga propesiya. At ang mismong Espiritu na nabuhay sa gitna ng mga unang apostol ay nabubuhay sa iglesya ngayon, na gumagawa ng pareho mismong mga bagay. At kasing bilis ng pagkakakilala natin doon! Kita n'yo, gaano man ito gumagana, kinakailangan n'yong kilalanin 'yun at paniwalaan 'yun. Wala itong magagawa na kaunti mang kabutihan, hangga't paniwalaan n'yo ito. Pero sa sandaling maniwala ka, tapos na ang iyong mga problema. Totoo 'yun.

22 Ngayon bumuklat tayo sa Kasulatan. Nakaupo ako roon, kani-kanina lang, nagtala ako ng ilan pang mga Kasulatan, para baguhin ang teksto ko para sa gabing ito. At gusto kong magbasa ng ilan sa Salita ng Diyos, mula sa Aklat ni San Lucas, sa ika-8 kabanata, simula sa ika-40 talata. Makinig ngayon, mahaba-haba ang babasahin ko.

> *At nangyari, na, sa pagbalik ni Jesus, ay sinalubong siyang may galak ng karamihan: sapagka't hinihintay siya nilang lahat.*

Hindi ba't magandang ugali 'yun para sa kapatiran ngayong gabi?

> *At narito, lumapit ang isang lalaking nagngangalang Jairo, at siya'y isang pinuno sa sinagoga: at siya'y nagpatirapa sa paanan ni Jesus, at ipinamamanhik sa kaniya, na pumasok sa kaniyang bahay:*
>
> *Sapagka't siya'y may isang bugtong na anak na babae, na may labingdalawang taong gulang, at siya'y naghihingalo. Datapuwa't samantalang siya'y lumalakad ay sinisiksik siya ng karamihan.*
>
> *At isang babae na may labingdalawang taon nang inaagasan, na ginugol sa mga manggagamot ang lahat niyang pagkabuhay, at sinoma'y walang makapagpagaling sa kaniya,*
>
> *Ay lumapit sa kaniyang likuran, at hinipo ang laylayan ng kaniyang damit at pagdaka'y naampat ang kaniyang agas.*
>
> *At sinabi ni Jesus, Sino ang humipo sa akin? At nang tumatanggi ang lahat, ay sinabi ni Pedro at ng mga kasamahan niya, Guro, iniimpit ka at sinisiksik ka ng karamihan, at sinasabi mo, Sino ang humipo sa akin?*
>
> *. . .sinabi ni Jesus, May humipo sa akin: sapagka't naramdaman ko na may umalis na bisa sa akin.*
>
> *At nang makita ng babae na siya'y hindi nalingid, ay lumapit siya na nangangatal, at* nagpatirapa *sa harapan niya* at *isinasaysay sa harapan ng buong bayan ang*

*dahil kung bakit siya'y hinipo niya, at kung paanong gumaling siya kapagdaka.*

*At sinabi niya sa kaniya, Anak, lakasan mo ang iyong loob: pinagaling ka ng iyong pananampalataya; yumaon kang payapa.*

At *samantalang siya . . . nagsasalita pa,* dumating *ang* naturang *isa na mula sa bahay ng pinuno sa sinagoga, na nagsasabi, Patay na ang anak mong babae; huwag mong bagabagin ang Guro.*

*Datapuwa't nang marinig ito ni Jesus ay sumagot sa kaniya, Huwag kang matakot: manampalataya ka lamang, at siya'y gagaling.*

*At nang* dumating *siya sa bahay, ay hindi niya ipinahintulot na pumasok na kasama niya ang sinomang tao, maliban na kay Pedro, . . . Santiago, at kay Juan, at ang ama ng dalaga at ang ina nito.*

*At tumatangis ang lahat, . . . pinananambitanan ang dalaga:* at *sinabi niya, Huwag kayong magsitangis; sapagka't siya'y hindi patay, kundi* natutulog.

*At tinawanan nila siya na nililibak, na napagaalamang siya'y patay na.*

Ngunit *pinalabas niya silang lahat, at tinangnan niya sa kamay, at tinawag* ang dalaga, *na sinasabi, Dalaga, magbangon ka.*

*At nagbalik ang kaniyang espiritu, at siya'y* nagbangon *pagdaka: at kaniyang ipinagutos na siya'y bigyan ng pagkain.*

*At ang kaniyang mga magulang* ay *nangagtaka: datapuwa't ipinagbilin niya sa kanila na huwag sabihin kanino man ang kaniyang ginawa.*

23 Ngayon manalangin po tayo. Minamahal na Makalangit na Ama, habang binabasa namin ang Salitang ito, alam namin na 'yun ang katotohanan. Nangyari ito. Hindi ito isang gawa-gawang kuwento na mababasa namin mula marahil sa isang pahayagan o kung anong aklat ng kathang-isip, kundi nagmula ito sa Aklat na alam naming Salita mismo ng Diyos. Naniniwala kami na nangyari ito. Naniniwala kami na itong si Jesus na gumawa ng kahanga-hangang bagay na ito, sa dalawang pagkakataon dito, sa babaing inaagasan ng dugo, at sa patay na bata, naniniwala kami na Siya ang Anak ng Diyos, na binuhay Siya ng Diyos mula sa mga patay at iniharap Siya sa amin, ngayong gabi, sa persona ng Espiritu Santo.

24 At naniniwala kami na naririto Siya kasama namin ngayong gabi. At naniniwalang Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, ang Kanyang mga habag ay umaabot sa mga tao. At habang inaabot Siya ng mga tao, ang parehong

mga resulta na ibinigay sa araw na 'yun ay ibibigay sa araw na ito. Ipagkaloob Mo itong muli, Ama, na magkaroon kami ng bagong pagpapahid. Tulad ng taimtim na hiniling ni Kapatid na Shakarian, kanina, at hiniling na maniwala ang mga tagapakinig, muli kaming humihiling sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

25 Gusto kong magsalita nang ilang sandali lamang, at ilang sandali lamang ito, dahil gusto kong asikasuhin na ang mga may prayer card dito at ipanalangin sila. At laktawan na ang anumang ibang bagay at pananalangin na lamang para sa mga maysakit. Pero bago tayo manalangin para sa mga maysakit, kailangan nating mailagay ang mga tao sa ganoong pakikitungo. Ang pag-uugali ang nagdudulot sa tuwina ng mga resulta. Ang tamang pakikitungo ang nagdadala sa iyo patungo sa Diyos.

26 Narito ang isang babaing humipo sa Kanyang damit, siya ay gumaling, sa isang pagdurugo. Dinuraan ng isang sundalo ang Kanyang mukha at nilagyan ng koronang tinik ang Kanyang ulo, at walang nadamang bisa.

27 Ito'y sa inyong uri ng paglapit. Kinakailangan ng tamang pakikitungo. At heto ito ngayong gabi, mahal na kaibigan, kinakailangan ng tamang pakikitungo. Tayo po, at naniniwalang tayo nga, ay nasa Presensya ni Jesus Cristo, subalit ang pakikitungo ang nagdudulot ng mga resulta. Narito na ang mekanika, at gayon din ang dinamika. Kung makapagsisimula lamang kayo, ang Diyos na ang gagawa ng iba pa.

28 Ngayon, ang paksang ito na gusto kong pag-usapan, sa ilang sandali, ay: *Pagpapatunay Sa Kanyang Salita*. Ngayon isang magandang bagay 'yan, na isipin 'yun: *Pagpapatunay Sa Kanyang Salita*.

29 Ngayon may kakayahan mismo ang Diyos na patunayan ang Kanyang Salita, ngayong gabi, gaya ng dati na Niyang pagpapatunay Rito. At sinabi rin ng Biblia, "Patunayan n'yo ang lahat ng bagay. Panghawakan n'yo ang mabuti."

30 Ngayon narinig n'yo na ito, walang duda, narinig n'yo na 'yung lumang kasabihan, "Patunayan mo ito, maniniwala ako." Pero hindi 'yun totoo. Maraming beses ko nang nakitang napatunayan ang maraming bagay, na ganap pa ngang napatunayan sa pamamagitan ng siyensiya, at gayunpaman hindi pa rin ito pinaniwalaan ng mga tao ano't anuman.

31 Kausap ko ang isang lalaki, dito hindi pa katagalan. Nag-uusap kami tungkol sa Makalangit na kagalingan. Sabi niya, "Hindi ako maniniwala rito. Wala akong pakialam kung anong mangyayari, kahit gaano mang patunay ang maipakita mo tungkol dito, hindi ko pa rin ito pinaniniwalaan." Buweno, tiyak nga, kahit ano pa ang gawin mo para sa taong 'yun, siya—siya'y naligaw na. Hindi niya kayang maniwala. Walang anuman sa kanya, upang maniwala.

32 Kakakaroon ko lang ng isang—isang munting karanasan dito, mga isang linggo na ang nakalipas, gaya ng alam n'yo nang lahat na ako'y—ako'y nangangaso. At pagbalik ko galing sa pagtitipon ko, nangangaso ako ng leon. At pagkatapos kong lumipat sa Arizona, mabuti 'yun, gustong-gusto kong mangaso ng maiilap na hayop, at gusto kong lumabas sa gitna ng kalikasan at pagmasdan ito.

33 Ngayon, hindi ako mamamatay-hayop. Nangangaso lang ako. Mangyari nga, na ayaw ko—ayaw kong basta na lang mamaril ng hayop, sa tingin ko—sa tingin ko hindi 'yun tama. Sa tingin ko'y kasing laki ring kasalanan ang pumatay ng mga hayop, kapag hindi mo naman ito ginagamit at gagamitin ito para sa isang layunin, gaya ng pagpatay ng iba pang bagay. Naniniwala akong mali ito. Hindi natin dapat gawin ang ganoon. Ibinigay ito ng Diyos sa atin para kainin at para sa mga layunin, at hindi natin ito dapat lapastanganin. Pero ngayon kung ano ang sinasabi ng batas na maaari mong kunin, sige. Huwag lang itong sayangin.

34 At naroroon ako, na hindi na napapanahon para sa lahat ng iba pa. Ang mga leon ay pumapatay ng maraming baka. At marami akong kilalang rantsero doon sa probinsya. At sa tuwing may mapapatay sila, aba, tinatawag nila ako, kapag may leon na napadpad sa gitna ng mga tupa. Isang kaibigan ko, noong isang gabi, siya'y nawalan ng humigit-kumulang tatlumpu't limang daang dolyar, sa isang gabi, dahil sa isang leon na sadyang pumatay ng mga tupa. Nakapasok siya, at, siyempre pa, kinakailangang pagbayaran ng iba pang leon ang kanyang kasalanan. At ganoon na nga't nabaril ko 'yung leon, at mangyari po na isa itong malaking leon, at siyam na talampakan ang haba, at tumitimbang ng halos dalawang-kung ano, kaya ito'y—ito'y isang maganda't malaking leon mismo.

35 At pumunta ako mula sa lalawigan ng Arizona pagkatapos, patungo sa Utah, para mangaso. At mangyari nga na sinabi sa akin na may mga tao roon, na 'yung lalaking makakasama ko sa pangangaso, ay isa raw maninilo para sa gobyerno, "At, para sa ikabubuti, huwag kang magbabanggit ng anumang tungkol sa relihiyon, sa paligid niya." Sabi, "Masungit ang taong 'yun."

At sabi ko, buweno, sinabi ko sa lalaking kasama ko, sabi ko, "Sige hindi ako magbabanggit."

36 Sabi niya, "Huwag na huwag mong sabihing 'mangangaral ka.' Kung sasabihin mo, hindi ka na kailanman makakapangaso. Hindi ka na niya isasama." Sabi, "Nangaso nga ako kasama niya nang tatlong araw, at natulog kasama niya bawat gabi, kumaing kasama niya araw-araw, at hindi man lang siya bumabati, 'Magandang umaga po. Kumusta ka? Gusto mo ng makakain? Maghuhugas muna ako ng pinggan.' Wala!" Sabi, "Ngayon huwag na huwag kang magbabanggit ng anuman tungkol dito."

Sabi ko, "Sige hindi ako magsasalita ni isa mang salita." Pero hindi ko sinabi sa kanya na hindi ako mananalangin, anupa't ang sinasabi ko lang ay ako'y . . . At nananalangin ako.

37 Kaya pagdating namin doon, isang lalaki nga siya na napakatigas ng ugali, at sa palagay ko'y hindi siya naniniwala sa anuman. At kabago-bago lang niya mawalan noon ng isang sanggol na ilang gabi pa lang bago 'yun, 'yung sanggol ay patay na noong isilang. Ganoon na nga't, nangaso kami. At sa ikalawang araw, sinabi sa kanya ng lalaking kasama ko sa pangangaso, nabanggit na nakakapangaso raw ako sa lahat ng lugar sa buong bansa. Kaya't noong 'yung isa pang mangangaso, na kasama ko, ay umalis, naroon kami sa ibabaw ng mga taluktok; kung saan katatapos lang naming habulin ang isang leon, hanggang sa mapapunta namin siya sa batuhan, at nakatakas pa rin siya. At kaya nakaupo kami roon na naghihintay para sa aso na bumalik. At sabi ng lalaking ito sa akin, sabi niya, "Yung isang mangangaso, 'yung kaibigan mo, nabanggit niya sa akin na nakakapangaso ka raw kahit saan. Marami ka bang pera?" Sabi, "Sa palagay ko'y hindi ko na dapat alamin pa."

At sabi ko, "Hindi," sabi ko, "hindi 'yun dahil sa maraming pera." Sabi ko, "Ako po'y—ako po'y may mga tumataguyod."

At sabi niya, "Ah, naunawaan ko na." Sabi niya, "Buweno, hindi na ako dapat makialam pang muli, pero," sabi, "kasama ka ba sa isang kompanya na tumataguyod sa iyo?"

Talagang pinupuwersa niya 'yun mula sa akin. Nangako pa naman ako na di ko sasabihin, kita n'yo. Kaya sabi ko, hayan nga, sabi ko, "Hindi po. Isa akong mangangaral, isang misyunero."

Sabi niya, "Isang ano?"

Sabi ko, "Misyunero." At tumayo lang siya at tiningnan ako nang ilang minuto.

Sabi ko, "Mayroon ka bang pag-asa para sa Buhay pagkatapos dito? Ano ang pag-asa mo?"

Sabi niya, "Isa akong Jack Mormon."

At sabi ko, "Isang ano?"

Sabi niya, "Isang Jack Mormon."

Sabi ko, "Anong klase 'yun?"

Sabi, "Yung nagmumura at umiinom ng kape, at humihithit ng sigarilyo."

Sabi ko, "Buweno, ang isang totoong pagtatapat ay mabuti para sa kaluluwa."

38 At pagkatapos ang sabi niya—sabi niya, "May gusto akong itanong sa'yo." Sabi niya, "Sinabi sa akin na ang iglesyang Mormon ang tanging tunay na iglesya na mayroon." Sabi niya, "Naniniwala ka ba roon?"

39 Sabi ko, “Pagdating sa iglesya, sa palagay ko kasing inam din ’yan ng alinman sa kanila. Isa lang ang alam kong Katotohanan, at ’yun ay si Jesus Cristo.” Sabi ko, “Alam ko mismo na Siya ay Totoo.”

40 “Buweno,” sabi niya, “Nagkaroon ako ng isang sanggol na ipinanganak noong isang gabi, patay na itong ipinanganak.” Sabi niya, “Sinabi sa akin na ang sanggol na ito, dahil isinilang itong patay, hindi raw kailanman ito hiningahan ng Diyos ng hininga ng buhay, na hindi ko na raw ito makikitang muli.” Sabi niya, “Ano sa tingin mo?”

41 “Buweno,” Sabi ko, “Hindi mo makikita kung isa kang Jack Mormon, siguradong hindi. Sigurado ’yan, hindi mo na ito makikita hangga’t mananatili kang isang Jack Mormon.” At sabi niya . . . Buweno, itinutulak niya ’yun sa akin, kaya naman medyo itinulak ko ’yun pabalik sa kanya, kita n’yo. Kami’y may— may oras para mag-usap. Kaya sabi niya—sabi niya . . . Sabi ko, “Anong problema?”

Sabi niya, “Oh, hindi ko alam.” At sabi niya, “Buweno, ano sa tingin mo?”

Sabi ko, “Marami akong kilalang mabubuting . . . ”

42 Hindi ko alam na Mormon siya. At ako’y labis na . . . Alam ko, dahil sa Utah ’yun, malamang ganoon nga, pero ako . . . dahil karamihan ng mga tao roon ay Mormon, sa paligid ng Salt Lake City. Hindi ito Salt Lake City, mangyari nga. Kaya sa isip-isip ko, “Buweno, mayroon akong ilang mabubuting kaibigang Mormon, na nasa mga pila noon ng pananalangin, mabubuting tao.”

43 At sabi ko, “May mga nakilala na akong ilang napakabubuting lalaki na—na mga Mormon.” At sabi niya, buweno, sabi niya . . . Sabi ko, “Hindi ko kasi alam ang turo nila tungkol diyan, at hindi ko nais na sabihin ang isang bagay na salungat sa kanilang katuruan, dahil hayan ka, at lubos kong iginagalang ’yun.” At sabi ko, “Buweno, at naniniwala ka ba roon?”

Sabi niya, “Oo, ginoo, ako nga. Pero,” sabi, “hindi ko ipinamumuhay ito.”

44 Sabi ko, “Buweno, naniniwala ako na itinuturo ng Biblia na kilala na ng Diyos ang sanggol na ’yun, milyun-milyong taon, bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan.” Sabi ko, “Sinabi ng Diyos kay Jeremias, ‘Bago ka pa man ipinaglihi sa sinapupunan ng iyong ina, bago ka pa man lumabas sa tiyan, kilala na Kita, pinaging banal ka, at itinalaga kang propeta sa mga bansa.’” Sabi ko, “Ganoon karami ang nalalaman Niya tungkol dito, kita mo.”

Sabi niya, “Buweno,” sabi niya, “salamat.”

45 Nagsimula siyang maglakad pababa ng burol. At pagkatapos ay nakasalubong niya itong isa pang lalaki, at sabi niya, “Bakit

hindi mo sinabi sa akin na mangangaral ang lalaking 'yun?" At kaya kami. . .Kinausap niya ito nang kaunti at sinimulang sabihin sa kanya ang tungkol sa mga pagtitipon.

46 Ngayon, naniniwala ang mga Mormon sa propesiya. Hindi ko. . .maaaring wala rito, pero sila—pero sila nga'y naniniwala sa—sa propesiya. Pero, siyanga't, marahil ay nagsasalita ako sa labas ng paaralan, pero ako. . .Oo. Oo. Pero, gayunpaman, naniniwala sila.

At sabi niya, bumalik siya sa akin, sabi, "Nauunawaan kong isa kang propeta."

Sabi ko, "Hindi po." Sabi ko, "Ako. . .Ipinakita lang sa akin ng Panginoon ang ilang bagay na mangyayari."

47 At umalis na siya, kaagad, sabi, "Pumasok na tayo." At sumakay siya sa kanyang kotse, at bumaba roon sa. . .kanyang maliit na siyudad kung saan siya nakatira. Ilang saglit pa, umalis na siya. Inaayos namin ang mga aso, para mangaso ulit pagkatapos ng tanghalian. At noong inaayos namin, aba, umalis siya sakay ng isang kotse.

48 Ilang saglit pa, bumalik ang isang guwapong binata, mga labimpitong taong gulang, isang tunay na maginoong Cristianong lalaki. Sabi niya, "Ito ang kapatid ko." Sabi, "Hindi siya isang Jack Mormon. Isa siyang tunay na Mormon."

Sabi ko, "Kumusta ka, iho?"

At sabi niya, "Nauunawaan ko, na sinasabi sa akin ng aking kapatid, na isa po kayong propeta."

Sabi ko, "Hindi, po." Sabi ko, "Hindi ito dahil isa akong propeta." Sabi ko, "Pinakitaan ako ng Panginoon ng mga bagay na mangyayari."

49 Sabi niya, "May tama ng baril ang braso ko ngayon, ooperahan na dapat ako." Sabi niya, "Pero sinabi ito sa akin ng kapatid ko. At ang sabi ko, 'Kung ganoon nga, hindi ko na kailangang magpa-opera.'" Tiningnan niya ako nang diretso sa mata, isang tapat, na totoo, na taos-pusong tingin, sabi, "Ipatong mo ang iyong mga kamay sa akin. Kung totoo ang mga bagay na ito, hindi ko na kakailanganing magpa-opera." Umuwi siya na magaling na.

50 Ang kapatid na ito, kaibigan kong Cristiano, ay kasama ko sa pangangaso, mula sa Phoenix. Sabi niya sa akin, sabi niya. . . Ang ilan sa mga kalalakihang ito ay nakaupo mismo ngayon dito. Isa sa kanila ang alam kong narito. Umuwi kami. Sabi niya, "Kapatid na Branham, kung magpapakita sa iyo ng isang pangitain ang Panginoon at hahayaan kang sabihin sa kanila na mga Mormon kung anong mangyayari, 'yun na 'yun mismo, dahil naghihintay nga sila para roon."

51 Kaya, nanalangin ako nang nanalangin. At noong pauwi na ako, nagpunta ako, noong sumunod na Lunes, Linggo, nang mga

alas-diyes, nakatayo ako sa silid, pagkatapos ng panambahan noong umagang 'yun, at nakatingin ako sa labas.

52 At nakakita ako ng mga flashlight na kumikislap, o kung anong uri ng ilaw na kumikislap. At nakita ko ang isang leon na nasa isang puno, at—at napakaliit nito para barilin ko. Ayaw kong barilin. At may ibang bumaril dito, at, nang barilin nila, haya't binaril nila ito gamit ang isang napakalaking baril. Pinasambulat nun ang leon. Hindi ko ikinatuwa 'yung—'yung —'yung pamamaraan nila dun.

53 Pagdating ko sa Phoenix, binanggit ko 'yun kay Kapatid na Dawson, at kay Kapatid na Mosley. Alam kong nandito siya. Nakita ko siya noong isang araw, sa isang lugar dito. At nakasabay ko siya sa pagpunta, siya at ang kanyang maybahay. At sinabi ko, "Matyagan n'yo at tingnan, 'yan nga'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Mangyayari ito sa ganoong paraan."

54 Naghintay kami nang maraming gabi, apat o limang gabi, buong araw kaming nangangaso, o mga ilang araw na. Bihira nga kayong makakakita ng leon na aakyat ng puno sa gabi. Mangyaring, pagdating sa bahay, pinakawalan nila ang mga aso, nitong mangangasong ito, nitong kabataang Mormon. At 'yung —'yung leon ay natunton 'yung bakas, o 'yung aso'y natunton 'yung bakas nung leon, ang ibig kong sabihin, at kaya sinundan ito paakyat sa isang puno. At noong alas-diyes ng gabi'y dumating sila, pinabangon kami sa kama. Lumabas kami roon, at naroon 'yung leon din na 'yun sa puno. Pag-ilaw ng mga ilawan, binaril ito ni Kapatid na Mosley gamit ang nasa mga kalibre kuwarenta y kuwatro, halos mahapak 'yung leon sa dalawa. At hayun nga ito, sadyang eksakto sa pagkakasabi dito.

Kinabukasan, nakilala ko ang punong warden ng estado roon, isa uling Jack Mormon. Kapwa kong inakay ang mga kalalakihang 'yun, inakay sila pabalik kay Cristo.

Sinasabi ko sa inyo, Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Pinatutunayan ng Diyos na totoo mismo ang Kanyang Salita.

Narinig n'yo nang sinabi ng mga tao, "Kapag nakita'y doon maniniwala." Hindi 'yan lubos na totoo. Maraming tao ang nakakakita at hindi pa rin sila naniniwala.

55 Noong mga araw na narito sa lupa si Jesus, bakit hindi nila Siya nakilala, na Siya ang Salita ng Diyos na nahayag? Bakit hindi napagtanto ng mga tao na sinabi ni Moises, "Ang Panginoon ninyong Diyos ay magbabangon ng isang propetang gaya ko"? At samantalang tinupad Niya ang bawat Salita na sinabi ng Biblia na gagawin Niya, pero hindi pa rin nila ito pinaniwalaan.

56 Ngunit ang Diyos, sa bawat kapanahunan, ay pinatutunayan na ang Kanyang Salita ay totoo. Lagi Niyang pinatutunayan ang

Kanyang Salita. Tapos sinasabi nila kung minsan, na, "Kapag nakita'y doon maniniwala." Hindi naman pala ganoon. Pero batid natin na patuloy pa rin na pinatutunayan ng Diyos ang Kanyang Salita sa bawat kapanahunan.

57 Alam natin na pinatunayan Niya ito kina Adan at Eba, noong sabihin Niya, "Sa araw na ikaw ay kumain niyaon, sa araw na 'yun ay tiyak na mamamatay ka." Kailangan nating tanggapin 'yun, na 'yun mismo ang katotohanan. Naniniwala tayo roon, dahil pinatunayan na Niya ito sa atin, at alam natin na ito ang katotohanan.

58 Ngayon ay sige't talakayin natin ang ilang dako na pinatunayan ng Diyos ang Kanyang Salita. Talakayin natin, halimbawa, 'yung panahon noon ni—ni Noe. Nagsalita ang Diyos kay Noe ng isang mensahe na tunay na walang pagbabatay sa siyensiya at di kapani-paniwala. Wala talagang makapaniwala. Hindi pa kasi umuulan noon kahit kailan sa lupa. Walang pagbabatay mismo sa siyensiya!

59 Marahil higit pa silang maka-siyentipikong panahon noon kaysa sa atin ngayon, dahil nakapagpatayo sila ng mga piramide't mga sphinx, at kung anu-ano pa, noong panahong 'yun, na hindi nga natin kayang itayo ngayon. Natuklasan nila ang isang puwersa, na kung anong uri ng mekanikal na puwersa, na marahil atomika o kung ano, na nakaya nilang buhatin ang malalaking batong 'yun, na hindi natin magawa ngayon. Anupa't nakagawa sila ng mga dakilang siyentipikong mga bagay. Mayroon silang isang kagamitan noon na magagawa nilang embalsamuhin ang isang katawan, upang gawin itong magmukhang natural sa loob ng daan-daan mang taon. Nawaglit na natin ang sining na 'yun.

60 Sabi ni Jesus, "Kung papaano ang nangyari sa mga araw ni Noe, gayon din naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao." At alam natin na papasok na tayo sa isa pang dakilang maka-siyentipikong panahon.

61 At ngayon ang mensahe na taglay ni Noe ay lubhang salungat sa paniniwala noong araw na 'yun, sa iglesya, at ito rin ay lubhang salungat sa maka-siyentipikong pananaliksik. Pero pinatunayan ng Diyos na ang Kanyang Salita ang katotohanan. Pinatunayan ng Diyos na katotohanan ang sinabi ng propetang 'yun.

62 Sige't tatalakayin natin ang isa pa pansumandali lamang. Si Abraham ay isa pang propeta ng Panginoon, na dinatnan ng Salita. At sinabi sa kanya, nang siya'y pitumpu't limang taong gulang na, at si Sarah nama'y animnapu't limang taong gulang na noon, na magkakaanak siya kay Sarah. Ngayon, labis na nakakabigla 'yan sa isang di-mananampalataya. Maiisip n'yo ba, na sa panahong ito, 'yung ganoong mga bagay ay mangyayari maging sa panahon na ito, sa kabila ng lahat ng

mga siyentipikong tagumpay natin, at lahat nitong mga test-tube na mga sanggol na pinag-uusapan nila, at iba pa? Pero ang matandang babaing ito, haya't animnapu't limang taong gulang na, at itong isang matandang lalaki na pitumpu't limang taong gulang na, pero dumating ang Salita ng Panginoon kay Abraham at sinabi sa kanya na mangyayari't mangyayari ito. At sinampalatayanan ni Abraham ang Diyos. Ngayon, gaano man magsalita ang Diyos, at gaano man ito katotoo, kinakailangang paniwalaan ni Abraham kung ano ang sinabi ng Diyos, upang magkaganoon nga ito. Ngayon tingnan n'yo kung papaano sinubok ang lalaking 'yun, sa kanyang patotoo, na siya nga'y nanampalataya.

63 Ang lalaki ring 'yun na nagpahayag ng pag-amin, na nananampalataya siya sa Diyos, haya't siya'y taong katulad n'yo, na nakaupo rito ngayong gabi. Naniniwala pa rin tayo sa Diyos. Kinakailangan nating paniwalaan na ang Salita Niya ay ang Katotohanan. At patutunayan Niya ito, na Ito ang Katotohanan, kung paniniwalaan lang natin ito.

64 Ngayon tingnan n'yo ang hadlang na mayroon si Abraham. Ang una'y ang edad niya, na pitumpu't limang taong gulang, at si Sarah ay animnapu't lima. Matagal na siyang lampas sa pagbabago ng buhay, sa menopause. Di maikakaila na tumigil na ito, maraming taon na ang nakalipas. Namuhay siya kapiling siya bilang kanyang asawa. Kapatid na babae niya ito sa ama, marahil kabataang babae pa lang siya'y pinili na siya, at pinakasalan siya. At walang anak si Abraham. Si Sarah ay ganap na baog. At ngayon nalaman natin, para magawa ito, kailangan niyang ihiwalay ang kanyang sarili sa lahat ng mga tao na hindi naniniwala rito, nang sa gayon ay matupad ito.

65 Hindi ko ibig sabihin na kailangan mong ihiwalay ang iyong sarili sa mga tao. Ngunit kailangan mong ihiwalay ang iyong sarili mula sa lahat ng sabi-sabi na kabilang sa kawalan ng pananampalataya, at lumayo roon. Kapag sinasabi ng mga tao, "Ah, hindi nangyayari ang ganoong mga bagay! Grupo 'yan ng mga baliw! Walang ganoong bagay na nangyayari," isara mo lamang ang mga tainga mo't lumayo. Huwag mo na itong pansinin.

66 Sabi ng Biblia'y "Hindi nag-alinlangan si Abraham sa pangako ng Diyos, sa pamamagitan ng kawalan ng pananampalataya; kundi lumakas pa, habang nagpupuri sa Diyos." Pinalitan ang kanyang pangalan mula Abram ay naging Abraham, haya't ang pagpapalit ng pangalan ay nagbunsod sa pangalan niya na maging, "ama ng mga bansa." Maiisip n'yo ba ang isang lalaking namumuhay na kasama ang kanyang asawa, ang kanyang minamahal, na namuhay kasama niya sa loob ng maraming taon, at ngayon ay nasa mga edad na walumpung taong gulang na, at ang asawa niya'y pitumpung taong gulang na, at gayon pa man ay wala isa mang anak o anumang pag-asa

na magkaanak, pero sa kabila nun ay inaangkin na siya'y "ama ng bansa." Naiisip n'yo ba ang kritisismo na sasabihin ng kapwa niyang naglalakbay, "Ama ng mga bansa, ngayon ilan na ba ang anak mo ngayon?" At lahat ng batikos na kinailangan niyang pagdaanan!

67 Ngunit hindi nanghina si Abraham sa kahit saan man lamang, sa kawalan man ng pananampalataya. Sumampalataya siya na kayang gawin ng Diyos ang Kanyang ipinangako, na patutunayan ng Diyos ang Salita Niya, gaano man ito katagal. Anupa't sa halip na humina sa pagdaan ng panahon, tulad ng kalagayan na tayo'y madaling mahulog sa ganoon, ay mas lumakas pa siya sa tuwina. "Kung hindi ito mangyari ngayon, magiging mas kamangha-mangha pa itong himala bukas, dahil ito'y isang araw na mas matagal." Iyon ang Diyos, iyon mismo ang Diyos na naroon kay Abraham, dahil alam niya na pinatutunayan ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga Salita na mangyayari ito.

Kung panghawakan lamang ng mga anak Niya ang Kanyang Salita, para mapatunayan Niya Ito sa pamamagitan n'yo! Sa ganoong paraan lamang Niya mapatutunayan ang Kanyang Salita.

Hindi Niya Ito pinatutunayan sa mga di-mananampalataya. Hindi sila mapatutunayan; hindi sila mga mananampalataya. Anupa't, hindi ito para sa mga di-mananampalataya. Hindi ito para sa mga di-mananampalataya.

68 Ito ay sa sumasampalataya. At kung makakatagpo Siya ng isang tao na sasampalataya sa Kanyang Salita, patutunayan Niya ang Kanyang Salita sa pamamagitan mo. At kung minsa'y nangyayari sa atin sa ganoong paraan ang mga karamdaman at mga bagay, para mapapatunayan ng Diyos ang Kanyang Sarili.

Naaalala n'yo ba 'yung lalaking bulag na natagpuan ni Jesus? Sabi nila, "Sino ang nagkasala, siya ba o ang kanyang ama, o ang kanyang ina?"

69 Sinabi Niya, "Sa usaping ito, sinuma'y hindi, kundi upang maipakilala ang mga gawa ng Diyos." Kita n'yo, nangyari ito sa binata upang maluwalhati si Jesus. Kung minsan hindi isang sumpa ang sakit, isa itong pagpapala, na maaari nating ilapat ang pananampalataya natin doon at tawagin ang mga bagay na hindi pa hayag, na tila naroon na. Sinabi ng Diyos na gayon nga, at patutunayan Niya na magiging ganoon ito kung hindi ka lamang manghihina sa ilalim ng pagsubok.

70 Kaya Niyang patunayan si Job, noong isang beses, na hindi Siya isusumpa nito sa Kanyang mukha. Tingnan n'yo ang pinagdaanang pagsubok ni Job. Anupa't sa mismong bingit ng kamatayan, sinabi pa rin niya, "Ang Panginoon ang nagbigay, ang Panginoon ang nag-alis, purihin ang Pangalan ng Panginoon!" Tunay na sinampalatayanan niya ito. Pinatunayan

ng Diyos ang Kanyang Salita kay Job. Pinatunayan Niya ito kay Abraham. Pinatunayan Niya na ganoon mismo.

71 Gayundin na pinatunayan Niya ito sa pamamagitan ni Moises. At nang si Moises, nang ang kahirapan ay labis na kontra sa kanya, nasa isip na ni Moises, marahil, na siya'y magiging isang tagapagpalaya, na ikinuwento marahil sa kanya ng kanyang ina na ipinanganak siyang isang magandang bata. Ang nanay niya—ang nanay niya ang kanyang naging tagapagturo na nagpalaki sa kanya sa palasyo ng Faraon, kaya hindi maikakailang sinaysay ito sa kanya, "Anak, nanalangin kami na kami'y mailigtas, at naniniwala kami na ikaw ang batang 'yun na gagamitin ng Diyos para magligtas." At pagkatapos noong siya . . .

72 Kita n'yo, dumating nga siya at magiging—magiging anak nung anak na babae ng Faraon, at nalaman natin na magiging tagapagmana siya ng trono. Aba, di maikakaila na nasa isip na nila noon, na siya ang magiging susunod na Faraon, "At sa ganoon niya ililigtas ang mga tao, sa pamamagitan ng pagiging susunod na Faraon." Ngunit ang Diyos ay may . . . Kung naging ganoon, ginawa sana niya ito sa pamamagitan ng isang materyal kung ganoon, sa pamamagitan ng isang—isang—isang gawa ng pulitika. Pero hindi palaging gumagawa ng ganoon ang Diyos.

73 May sariling mga paraan ang Diyos para gumawa, at sinabi Niya na Kanyang "ilalabas sila." Sinabi niya kay Abraham, "Pagkatapos ng apatnaraang taon," Kanyang "ilalabas sila, sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay," Siya ay "magpapakita ng mga tanda't mga kababalaghan." Kaya hindi niya maaaring gawin 'yun nang ganoon, kaya si Abra-. . . Nalaman natin na nanampalataya si Abraham sa Diyos, at heto si Moises na heto't nananampalataya sa Diyos.

74 At dumungaw si Moses sa parehong bintanang dinungawan ng Faraon, nakita niya ang parehong mga tao. Na tinitingnan sila ng Faraon, bilang, "Isang isinumpang bayan, isang bayan na walang taglay na anuman kundi sangbunton ng panatisismo, para sa isang Diyos, at kung anong Diyos sa disyerto sa kung saang dako na wala silang kaalam-alam; isang hindi nakikitang haliging dinadasalan nila, na walang kabuluhan. Grupo lang sila ng mga panatiko. At grupo sila ng mga alipin. At hinahayaan sila ng kanilang Diyos na maging mga alipin, nagpapatunay lang na hindi Siya Diyos."

75 At sa gitna mismo ng buong bagay, pinapalaki na nga ng Diyos 'yung mismong tagapagpalaya nila. Ginagawa ng Diyos ang mga bagay sa kakakaibang mga pamamaraan, doon mismo sa kalagitnaan nila. Hindi isang teologo, hindi isang guro, hindi isang saserdote, hindi isa sa kanilang mga banal na tao; kundi isa lamang ordinaryong tao, na ipinanganak para sa naturang tungkulin. At tinawag siya ng Diyos upang maging propeta Niya,

at ipinadala siya roon. At walang kahit ano sa kanyang kamay kundi isang baluktot na tungkod, para harapin ang isang hukbo, na mekanisadong mga yunit na sumakop noon sa buong mundo. Anupa't gamit ang tungkod na 'yun sa kanyang kamay, gaya ng sinabi ng Diyos sa kanya na hawakan ang tungkod na 'yun sa kanyang kamay at mailalabas niya ang Israel, at nagpunta siya roon at ginawa ito dahil ipinangako ito ng Diyos. Papaano niya 'yun gagawin? "Sasamahan Kita."

Sinabi niya, "Ipakita Mo sa akin ang Iyong kaluwalhatian, Panginoon. Makupad ako sa pananalita. Hindi ako makapagsalita nang tama. At ako . . . " May isang milyon siyang dahilan.

76 Ngunit sinabi Niya, "Sasamahan Kita." At iyon lang ang kinailangan. Pumunta siya, na dala-dala ang Salita ng Diyos. Gaano mang tila mapanganib ang tungkulin na 'yun, patuloy pa rin na nanampalataya si Moises sa Diyos. At pinatunayan ng Diyos ang Kanyang Salita, sa pamamagitan ni Moises, na 'yun nga'y katotohanan. Sapagkat, anuman ang mangyari, nanatili mismo si Moses sa Salita. Sa panahon ng paglalakbay . . .

77 Sinabi rin ng Diyos sa kanila, sa Egipto, na ililigtas Niya sila, "Sa isang lupang pangako, isang mabuting lupain, na puno ng gatas at pulot." At ganap na naroon ito. Hindi nila alam na naroon 'yun, pero sinabi Niya, "Naroon ito, at ibinigay Ko ito sa inyo. Sa inyo na ito, angkinin n'yo lamang ito!"

78 At doon sa ilang, paglabas ng marami sa kanila, na sumasayaw sa Espiritu, noong tumutugtog si Miriam ng tamburin; na kumakain ng manna mula sa Langit; nakinig sila kay Moises na umawit sa Espiritu; nasaksihan nila mismo na ipinapamalas ang mga himala't mga tanda. Ngunit noong dumating na sa isang pagtutuos, upang sampalatayanan ang buong Salita ng Diyos, ang lahat ng pangako, haya't nabigo sila.

Dalawa lang sa kanila ang naniwala, 'yun nga'y sina Josue at Caleb. At bitbit nila pabalik ang katibayan na mabuti nga ang lupain.

79 Pero, ang mga sirkumstansya, 'yun ang bagay na naging hadlang sa kanila. Dahil, giit nila, "Hindi natin kayang kunin ang lupaing 'yun, dahil nakukutaan ang kanilang mga bayan, ang kanilang—kanilang—kanilang mga delegado roon. Hindi po pala kanilang mga delegado, kundi 'yung kanilang—'yung kanilang mamamayan doon ay naglalakihang mga higante. Aba, para tayong mga tipaklong, kung itatabi sa kanila."

80 Sinabi nina Josue at Caleb, "Kayang-kaya natin itong kunin." Bakit? Ibinigay na ito ng Diyos sa kanila, gaano mang kalaki ang mga higante. Walang anuman sa kanila ang balakid. Sinabi na 'yun ng Diyos! At pinatunayan 'yun ng Diyos sa pamamagitan nila. At pumunta nga sila't kinuha ang lupain,

gaya ng sinabi ng Diyos na gagawin nila. Pinatunayan Niya ito sa kanila.

81 Ngayon, noong naglakbay sila noong buwan na 'yun ng Abril, noong rumaragasa pababa ang mga tubig mula sa kabundukan, doon sa makakapal na niyebe, at iba pa, at para bang hindi mahusay na heneral ang Diyos, upang pamunuan ang Kanyang hukbo patungo sa isang lugar, na anupa't Kanyang parang sinukol sila sa paglalakbay roon sa lupang pangako. At sa mismong panahon na Kanyang dinala sila roon, na dadalhin sila roon, anupa't 'yun ang pinaka masamang buwan ng taon. Mangyari na buwan pa mismo na umaapaw sa mga pampang nito ang Jordan, bumabaha nang dire-diretso sa kaparangan. Aba, kung sasakupin nila sila, ay hindi ba't dapat sa tag-araw, kung kailan maaari silang lumusong patawid. Ngunit naghintay Siya hanggang sa lumalim ang tubig. Gustung-gusto Niya na ipinapakitang Siya ay Diyos. Gustung-gusto Niya na pinapatunayan ang Kanyang Salita, ano't anuman.

82 Walang pakialam kung sinabi na ng doktor, "Namamatay ka na sa kanser." Iyon lang ang kaalaman nung tao. Marahil malalim ang tubig para sa ilan sa inyo, ngayong gabi. Pero, tandaan n'yo, ang Diyos ang nangako. Tinutupad ng Diyos ang Kanyang Salita, at pinatutunayan ng Diyos ang Kanyang Salita. Ito'y ang Katotohanan.

83 Naghintay siya hanggang sa naging maputik ang tubig, hanggang sa lumalim ang mga ito't lumampas sa kanilang mga ulo, at kung ano pa, at pagkatapos ay binuksan Niya ang daan. Nauna Siya sa kanila't gumawa ng daan.

84 Papaano sila makakapasok, sa Jerico, gayong nahahambalangan 'yun sa lahat ng dako? Iniisip mismo ni Josue. Alam niyang pinangunahan siya ng Diyos nang ganoon kalayo, anupa't ang susunod na hakbang ay sa Diyos pa rin.

85 Isang araw, noong naroon siya sa labas na naglalakad-lakad, sinisipat-sipat ang mga pader, nakita niya ang isang Lalaking nakatayo roon na nakabunot ng Kanyang tabak. At hinugot niya ang kanyang tabak at nagpunta para salubungin ang Lalaki, sabi niya, "Para kanino Ka? Ikaw ba'y sa panig namin o Ikaw ay sa aming kaaway?"

86 Sabi Niya, "Ako ang Pinuno ng hukbo ng Panginoon." At sinabi Niya sa kanya kung anong gagawin. Papaano niya magagawa 'yun na hipan lang ang isang trumpeta't pagkatapos ay babagsak na ang isang pader, na sa ibabaw nun ay makakapagpatakbo na sila ng karwahe sa buong lapad nun? Anong kaugnayan ng isang trumpeta sa ganoon?

87 Gumagamit ang Diyos ng ganoong kasimpleng pamamaraan. Ganoon nga mismo, na dahil sa kasimplehan nito, ay 'yun ang nagpapaging Diyos nun sa akin. Sinisikap natin palagi na makahanap ng isang kahanga-hangang bagay, na 'yun ang

magpapangyari ng kung anong bagay, at ang Diyos. . .na may isang malaking organisasyon na kukunin ang buong bagay at aayusin ang lahat. Samantalang, ang Diyos ay gumagamit lang ng isang simpleng tao, isang tao lamang na maaari Niyang mahawakan sa Kanyang mga kamay, at patutunayan Niya ang bawat Salita na Kanyang sinabi, sa pamamagitan Nito. Ganoon lamang na simpleng maliliit na pamamaraan ang kailangan!

88 "Patunugin mo ang isang pakakak." Hindi hukayin ang pader, kundi, "Magpatunog lang ng isang pakakak, at mabubuwal na ang mga pader. Pababagsakin ng malakas na tunog ng pakakak ang mga pader." Napakalaking kahibangan sa karnal na isipan! Subalit pinatunayan ng Diyos na ang Salita Niya'y totoo, dahil haya't nabuwal nga ang mga pader, na nagbagsakan sa isa't isa. Dumiretso mismo sila't sinakop ang siyudad.

89 Oh, gustung-gusto ng Diyos na pinatutunayan Niya ang Kanyang Sarili bilang Diyos! Alam 'yun ni Josue. Isang araw, at noong nakatayo siya roon, isa sa pinakadakilang kabalintunaan ang nangyari kailanman, bukod sa kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay ni Jesus Cristo. Noong ang kalaban. . . Kinalat niya sila, at nasa kabundukan na ang iba't ibang hukbo. Pinakalat niya sila, at papalubog na ang araw noon. Oh, grabe, napakadakilang oras 'yun para kay Heneral Josue!

90 Tandaan, lumaban siya sa lupaing 'yun, na walang ospital, nars, ni pangkat man ng mga tagapagpaunang-lunas, o nagkaroon man siya ng tauhang sugatan. Sabihin n'yo sa akin ang makatatalo nun. Siyanga, po. Wala siya roong ospital, walang mga nars, at hindi siya namatayan ng kahit sinong tauhan, hangga't lumalakad sila sa kalooban at Salita ng Panginoon. Pinatunayan ng Diyos na kasama nila Siya. Siyanga. Pansinin n'yo ngayon.

91 Nalaman natin na alam ni Josue, na kung sasapit ang gabi, lihim na makakatakas ang mga kaaway at magsasama-sama na naman sila, at—at titipunin nila ang kanilang sarili at gagawa ng panibagong malaking hukbo, at mahihirapan siya sa kanila sa kasunod na araw. Hindi niya alam kung ano ang gagawin, kaya tumingala siya sa Diyos. Kinailangan niya ng tulong, at kinailangan niyang patigilin ang araw. Kaya inutusan lamang niya ang araw roon na tumigil, at ang. . .sinabi sa "buwan na manatili ka sa ibabaw ng Ajalon," na huwag 'yung kikilos hanggang sa ipag-utos niya rito. At nanatili ang buwan at ang araw sa loob ng dalawampu't apat na oras, noong nakipagbaka sa labanan si Josue at nalupig niya ang kalaban, dahil nasa mismong linya siya ng tungkulin. May karapatan siya na gawin 'yun, dahil tumatalima siya sa utos ng Diyos.

92 At hangga't nasa linya kayo ng tungkulin, na tinutupad ang Salita ng Diyos, na ginagawa sadyang kung anong sinabi Niya sa

inyo na gawin, na nagmamartsa ayon sa mga utos ng Diyos, may karapatan kayong sabihin sa bundok na 'yun, "Malipat ka!"

93 Tinutupad ng Diyos ang Kanyang Salita. "Kung sasabihin mo sa bundok na ito, 'Malipat ka,' na hindi mag-aalinlangan sa iyong puso, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi mo, ay kakamtin mo ang sinabi mo." Sinabi 'yun ni Jesus, sa San Marcos 11:22. Yun ang Katotohanan. Alam kong 'yan mismo ang Katotohanan. Ito ang Salita ng Diyos, at pinatutunayan nun na 'yan mismo ang Katotohanan. Nangangamba lang tayo minsan. Humahantong tayo sa isang punto, na nangangamba tayo na di Niya tutuparin ang Salitang 'yun. Tutuparin nga Niya ang Salitang 'yun. Sinabi Niya na gagawin Niya ito. Ngayon, nasumpungan natin na totoo 'yun. Pinatunayan Niya ito.

94 Ang propesiya ni Isaias, noong isang beses, na isang bagay na hindi pa nangyayari kahit kailan; hindi pa nangyari dati, at hindi na nangyari simula noon. Sabi niya, "Isang birhen ang maglilihi." Maiisip n'yo ba na ang isang babae, na hindi nakakikilala ng isang lalaki, ay magkakaroon ng anak? Sabi ni Isaias, "Isang birhen ang maglilihi."

At ipinangyari ng Diyos na maglihi ang isang birhen, upang patunayang katotohanan ang Kanyang Salita. Pinatunayan Niya ang Kanyang Salita, dahil naglihi nga ang isang birhen at isinilang niya ang Anak.

95 Ngayon, nagkatawang-tao ang Salitang 'yun, tingnan n'yo kung anong ginawa Nito. Noong lumabas ang Anak na 'yun, Siya ang Salita Mismo. "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin."

96 Siya ang buhay na Salita. Pinatunayan Niyang Siya ang buhay na Salitang 'yun. Sinabi niya sa mga guro noong araw na 'yun, "Sino ang makahahatol sa Akin ng kasalanan?" Ang *kasalanan* ay "kawalan ng pananampalataya." "Sino ang makapagsasabi sa Akin na isa Akong hindi mananampalataya? Ang bawat Salitang naisulat tungkol sa Akin, ay natupad na." Ang huling pitong hula ukol sa Kanyang buhay ay natupad sa huling pitong oras, doon sa krus. Lahat ng naisulat tungkol sa Kanya, ay natupad, dahil Siya ang Salita. Pinatunayan Niya na Siya, nga. Pinagaling Niya ang maysakit. Binuhay Niya ang mga patay. Dinaig Niya ang kamatayan, impyerno, at ang libingan. Pinatunayan Niya na Siya ang Salita.

Pansinin n'yo ang kasong ito rito sa bahay ni Jairo. Siya ay . . . Sinabi Niya sa kanila ang katotohanan. Nakita natin Siya sa pagtawid Niya ng dagat. Dumating Siya.

97 May isang munting babae sa itaas ng burol, na ginugol ang lahat ng kanyang salapi sa mga manggagamot. Hindi maikakatwa, na ginawa na ng mga manggagamot ang lahat ng nalalaman nilang gawin, para mapagaling ang babae; malamang

ay mga manggagamot na Hebreo 'yun, at isa rin naman 'yung babaing Hebreo, kaya ginawa na nila ang lahat ng kanilang makakaya para sa kanilang kapatid na babae. Bagamat, wala silang kahit ano para mapatigil ang pagdurugong ito, na, marahil, panahon ng menopause at umaagas ang dugo niya hanggang sa siya. . . napakahina na ng munting babae na halos hindi na siya makakilos pa. At narinig niya ang tungkol kay Jesus. At nang makita niya ang maliit na bangka na itinulak sa mga palumpon ng wilow, ay bumaba siya para alamin.

98 Naroon ang napakaraming tagabatikos ni Jesus na nakatayo roon. At hindi Siya nauubusan ng mga kritiko maging sa panahong ito. Kung nalaman lang sana nila kung Sino Siya, hindi sana sila naging mga tagabatikos Niya. Pero sila'y mga tagabatikos Niya dahil hindi nila alam kung Sino Siya.

At ganyan din sa Mensahe sa panahong ito, napakaraming mabubuting lalaki't babae ang pumupuna Rito dahil hindi nila alam kung ano Ito.

99 Sabi ni Jesus, "Kung nakilala sana ninyo si Moises, nakilala n'yo sana Ako. Nagsalita patungkol sa Akin si Moises. Maraming dakilang tao ang nagnais na makita ang araw na ito. Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon ay huwag kayong sumampalataya sa Akin. Mayroon akong patotoo na lalong dakila," sabi Niya, "kaysa kay Juan, sapagkat ang mga gawang Aking ginagawa, ay nagpapatunay na ang Ama ay sumasa Akin." Mayroon Siyang mas dakilang mga gawa, dahil Siya ang Ipinakilala. Nakilala rin si Juan, bilang tinig ng isang sumisigaw sa ilang. Pero noong dumating si Jesus, Siya ang propeta na sinaysay ni Moises na ibabangon.

Gaya ng sinabi ko noong isang gabi, dumarating Siya sa tatlong pangalan; ang pangalan ng Anak ng Diyos, Anak ng tao, at Anak ni David.

100 Noong narito Siya sa lupa, sa unang pagkakataon, Siya'y ang Anak ng tao. Hindi Siya maaaring maging Anak ng Diyos noon; hindi Niya inangkin 'yun. Ang sabi Niya'y Siya ang "Anak ng tao." Kapag may magtatanong sa Kanya, sinasabi Niya, "Nakikita n'yo ang Anak ng tao; ang Anak ng tao." Ngayon, ang "Anak ng tao" ay isang *propeta*. Kinailangan Niyang dumating sa ganoong paraan, dahil sa, Kasulatan, hindi Siya maaaring sumalungat sa Kasulatan.

101 Iyon ang dahilan kung bakit, ngayon, na ang ating—ang ating Mensahe sa panahon na ito'y hindi maaaring dumating sa pamamagitan ng mga teologo't teolohiya, kailangan nitong manumbalik sa parehong bagay na ipinangako nitong ipanunumbalik. Dapat mismo na sa ganoong paraan ito.

102 Kaya nakita natin, na sa Taong ito, kinakailangan na isa Siya mismong propeta. Hindi Anak ng Diyos noon, kinakailangan mismo na Siya'y maging Anak ng tao. Tinawag Mismo ni Jehovah

ang mga propeta, si Jeremias at ang iba pa, na “Anak ng tao.” “Kapag nakita ninyo ang Anak ng tao . . .” “Sino ang Anak ng tao?” patuloy nilang itinatanong.

103 Pagkatapos, naglingkod Siya sa Kanyang katungkulan bilang Anak ng tao. Pagkatapos ay naglingkod Siya sa Kanyang katungkulan ngayon bilang Anak ng Diyos. Ang Diyos ay isang Espiritu, at sa panahon na naglilingkod Siya ngayon sa mga Kapanahunan ng Iglesya, bilang Anak ng Diyos. Ngayon, sa Milenyum, Siya’y magiging Anak ni David, kapag naupo na Siya sa luklukan ni David. Magiging tagapagmana Siya ng luklukan, Anak ni David. Anak ng tao, Anak ng Diyos, Anak ni David, at ito’y iisang Tao sa tuwina.

104 Tulad ng Ama, Anak, at Espiritu Santo; ang katungkulan ng Diyos. Siya’y Diyos Ama, pagkatapos Siya’y naging Diyos Anak, ngayon Siya’y Diyos Espiritu Santo. Hindi tatlong Diyos; isang Diyos, tatlong pagpapakita, tatlong katangian ng iisang Diyos.

Nakita natin ngayon, at sa oras na ito na atin ngayong kinabubuhayan, tinutupad ng Diyos ang Kanyang Salita na katulad ng ginawa Niya noon.

105 Nalaman natin na tumawid Siya ng dagat. Naniwala sa Kanya ang babaing ito, may kung anong bagay sa kaibuturan niya ang nagsimulang kumabog. Wala siyang Kasulatan para rito, katulad nga mismo na si Josue’y wala nun noong pahintuin niya ang araw, pero nananampalataya ang babae sa kanyang puso na si Jesus ang Anak ng Diyos. Kaya sabi niya, “Kung mahawakan ko lamang ang Kanyang damit, gagaling ako.” Kaya’t nakipagsiksikan siya sa karamihan hanggang sa mahawakan niya ang Kanyang damit, at tumigil ang pag-aagas ng dugo.

106 Ngayon, tumingin Siya sa mga nakasubaybay roon, upang alamin kung sino ang humawak sa Kanya. Hindi maikakailang, mayroong isa. Huminto Siya. Dinudumog Siya ng lahat ng mga tao; at tinutuya Siya ng ilan, pinagtatawanan Siya ng ilan; at nakatayo roon ang saserdote’t inuusisa Siya, at ang mga ministro, at iba pa. Pero may ilan na sumasampalataya sa Kanya. At, pagkaraan ng ilang sandali ay huminto Siya, bigla na lang, bumaling, sinabi, “Sinong humawak sa Akin?”

107 Sabi ng ilan sa kanila, “Aba, Guro!” Sa paniniwala ko’y si Pedro ang nagsabi, “Aba, dinadagsa Ka ng madla. Aba, sinong ‘humawak’ sa Iyo? Aba, ang lahat po’y nasasaling Ka!”

Sabi Niya, “Ngunit naramdaman Kong may kapangyarihang kumawala sa Akin.” Nanghina Siya. Yun nga’y ibang klaseng paghipo.

108 Kung makikita lang natin ’yan, kapatid na lalaki, kapatid na babae! Kung mahahawakan n’yo lang sana Siya sa ganoong klase ng paghipo! Oh, mga taong may sakit, naghahanda na ako para ipanalangin kayo, sa loob lamang ng ilang minuto.

Naniniwala ako na nasa akin ang Espiritu Santo, wala nang iba pang Espiritu Santo kaysa sa kung ano ang taglay n'yo riyan mismo, na taglay rin ng mga kalalakihang ito. Ang parehong Espiritu Santo mismo, anupa't ito'y isang utos ng Diyos; at kung sasampalatayanan n'yo na 'yun ang utos ng Diyos, ang pananalangin para sa mga maysakit, at pagpapatong ng mga kamay sa kanila, at pagpapalayas ng masasamang espiritu, at ang mga pangakong ipinangako Niya, ay magiging ganoon din naman ito sa inyo. Mapapasainyo ang hinihiling n'yo, kung kaya n'yong sampalatayanan ito.

"Kaya mo bang sampalatayanan na kaya Kong gawin ito?" sabi ni Jesus.

109 "Opo, Panginoon, nananampalataya ako," sabi nung lalaking may anak na may epilepsy, "Sumasampalataya ako na Ikaw ang Anak ng Diyos na darating sa sanlibutan." Ngayon, alam natin na ang kinakailangan ay ang ganoon mismong pag-uugali para magkaroon ng mga resulta.

110 Ngayon, dagli't, bulayin natin Siya pansumandali, heto Siya sa Kanyang daan papunta. Dumating ang isang hamak na saserdote, hindi maikakatwang ang hamak na lalaking 'yun ay isang mananampalatayang hanggang hangganan lang.

111 Napakarami nila sa mundo sa panahong ito, mga hamak na mananampalatayang hanggang hangganan lang. Gusto nilang paniwalaan Iyon. Gusto nilang maniwala na totoo ang Espiritu Santo. Gusto nilang maniwala na ito ang apostolikong pagkilos, gaya ng ipinangako ng Diyos na sa mga huling araw ay ibubuhos Niya ang Kanyang Espiritu. Ating. . . gusto niyang maniwala sa Malakias 4, na ipinangako Niya, na sa mga huling araw ang—ang orihinal na pentecostal na Pananampalataya'y manunumbalik sa—sa iglesya muli.

112 Inaangkin ito ng Malakias 4. "Narito, susuguin Ko sa inyo si Elias sa huling araw," tama, "at kanyang panunumbalikin ang Pananampalataya ng mga anak sa mga magulang," kita n'yo, "tapos ang Pananampalataya ng mga magulang sa mga anak, din naman." Kita n'yo, tiyak na mangyayari mismo.

Sinasabi n'yo, "Buweno, si Juan Bautista ang tinutukoy dun." Hindi, hindi.

113 Si Juan Bautista ang Malakias 3. Siyanga. Ganito ang sabi sa Mateo 11, "Kung matatanggap ninyo ito, ito ang siyang tinutukoy, 'Narito, sinusugo Ko ang Aking sugo sa unahan Ko.'" Si Elias 'yun, walang duda. Sinabi ni Jesus na 'yun nga 'yun. Pero hindi 'yun ang Elias ng Malakias 4, sa anumang paraan.

114 Dahil, "Pagkatapos na pagkatapos ng Mensahe, susunugin ng apoy ang lupa, at yayapakan ng mga matuwid ang abo ng masasama." Kaya hindi ito nangyari kailanman sa panahon ni Juan. Kinakailangan nating magkaroon ng isang Mensaheng kikilos at maglalabas sa mga tao mula sa lahat ng mga

maka-denominasyong kalagayan na ito, pabalik sa orihinal, na tunay na Pananampalatayang pentecostal. At nakikita nating naisasakatuparan na ito, haya't katuparan ito ng isang Kasulatan na kailangang mangyari. Lahat ng Kasulatan ay dapat matupad. Ilan pa roon ang maaari nating maiugnay, mas matagal lang ang magugugol ko kaysa sa oras ko ngayon, para maipakita ito. Pero nauunawaan n'yo ang mga bagay na ito, na tiyak itong mangyayari nang ganitong-ganito mismo, sa mga anak ni Abraham, tulad ng Kanyang ipinangako.

115 Nakikita natin si Jesus na papunta na ngayon upang pagalingin 'yung batang babae. Dahil, ang ama, ang hamak na mananampalatayang hanggang hangganan lang, haya't may bagay na dumating sa punto na kailangan niya mismong kilalanin si Jesus, ganoon nga, sinukuan na ng doktor ang anak na babae. At isinuot ng lalaki ang maliit na itim niyang sumbrero't lumakad upang alamin kung mahahanap niya si Jesus. Kita n'yo, nariyan Siya palagi kapag inaasam n'yo Siya. Natagpuan niya Siyang paparating pa lamang sa dalampasigan.

116 At sinabi niya, "Dalawin Mo po sana ang anak kong babae, ipatong Mo ang Iyong mga kamay sa kanya, at siya'y gagaling." Sabi, "Nakaratay siya sa bingit ng kamatayan. Nag-iisa ko siyang anak." Sabi, "Labindalawang taong gulang na siya. Wala na kaming ibang anak. Ako at ang asawa ko," marahil, "tumatanda na kami. At ito lang ang nag-iisang anak na mayroon kami, at nakaratay siya sa bingit ng kamatayan. Panginoon, naniniwala ako sa Iyo. Kung pupunta Ka lang at ipapatong ang Iyong mga kamay sa kanya, gagaling siya."

Kita n'yo, ano ang nakilala niya? Nakilala niya na ang ipinangakong Salita ng Diyos ay nahayag sa Taong ito.

117 Katulad ng sinabi ni Nicodemo, "Rabi, guro, alam namin na Ikaw ay isang guro na mula sa Diyos. Alam namin ito. Alam ito ng mga Fariseo." Bakit hindi nila ito inamin? "Walang makagagawa ng mga bagay na Iyong ginagawa, malibang kasama Niya ang Diyos. Alam namin na Ika'y nagmula sa Diyos."

118 Nalaman natin dito na ganoon din ang paniniwala ni Jairo. Sinabi niya, "Sige po't ipatong Mo po ang Iyong kamay." Alam niya na nakay Jesus ang Diyos. "Ipatong Mo ang Iyong mga kamay sa aking anak. Bagamat nasa bingit siya ng kamatayan, mabubuhay siya."

119 Sumabay mismo Siya sa paglalakad nung lalaki. At habang papunta ang lalaki, narito ang isang mensahero na pasalubong, at nagsabi, "Huwag mo na Siyang abalahin, huwag mo nang abalahin pa ang Guro. Ang—ang bata'y, patay na, wala na siya ngayon. Yumao na siya."

Bumaling si Jesus kay Jairo, nagsabi, "Hindi ba't sinabi Ko na sa iyo, 'Kung mananampalataya ka lamang, makikita mo ang

kaluwalhatian ng Diyos'? Kung sasampalatayanan mo lamang ito!"

120 Pumasok Siya sa silid, at naroon sila, ang lahat ay nananaghoy at umiiyak, at nananangis, na gaya mismo ng gagawin ng sinumang tao. Isang mabuting batang babae, anak ng isang pastor, ang namatay, at kinuha na siya sa mundong ito. At marahil patay na siya nang ilang oras na't, pagkatapos ay inihiga na nila siya sa latag, at handa nang i-embalsamo ang kanyang katawan, marahil, at iprepara na siya, at para sa paglilibing.

Pagkatapos ay nakita natin na pumasok si Jesus sa bahay. Tumatangis silang lahat. Sabi Niya, "Pumayapa kayo." Sinabi Niya, "Hindi siya patay, kundi siya'y natutulog lamang."

121 Ngayon makikinita n'yo ba kung ano ang inisip nila? "Aba, kilala na natin ang lalaking ito, siyanga. Alam nating isa Siyang anak sa labas. At naririnig natin ang tungkol sa Kanya, itong lahat na Kanyang mapangahas na mga hula na Kanyang sinasabi. At ngayon alam nating tama pala ang saserdoteng, 'baliw ang lalaking ito,' dahil alam nating patay na ang batang babae. Nagdeklara na mismo ang doktor na ang bata'y 'patay na,' at heto na nga siyang nakaratay. Wala na siya, at alam nating patay na siya." Yun ang sinabi nila, pinagtawanan nila Siya, sa madaling salita, ipinahiya Siya, sa pamamagitan ng pagbatikos sa Kanya.

122 Ngunit nasabi na Niya na ang bata'y hindi patay. Iyon lang ang kailangan. "Natutulog siya." Gaano man karaming mga tagabatikos, patutunayan Niya ang Kanyang Salita! Pinalabas Niya silang lahat sa bahay, pinaalis ang lahat ng di-mananampalataya. Isinama sina Pedro, Santiago, at Juan, ang mga mananampalataya, tatlong saksi, at ang ama't ina, pumasok at hinawakan ang kamay ng anak na babae, at nagsalita sa isang wika na tumawag sa kanyang kaluluwa pabalik mula sa isang lugar doon sa Walang Hanggang. At nabuhay ang batang babae.

123 Anong ginawa Niya? Pinatunayan Niya ang Kanyang Salita. Pinatunayan Niya 'yung sinabi Niya. Hindi ito patay. Natutulog lang ito. Ngayon nalaman natin, sa paggawa nito, ay napagtatanto, at may iba pa Siyang pinatunayan doon. Ngayon pinatunayan Niya na Siya ay Diyos. Pinatunayan Niya na may paunang kaalaman Siya. Masdan n'yo kung ano ang sinabi ng Kanyang Salita ngayon. "Hindi siya patay, kundi siya ay natutulog." Kita n'yo, hindi siya patay, unang-una na. Natutulog siya. Ipinakita ang Kanyang paunang kaalaman. Ngayon, maaaring maraming mga dalagita ang namatay noong umaga ring 'yun, ngunit ang isang ito'y hindi patay. Natutulog siya, tulad ni Lazaro. At tinawag Niya siya mula sa pagtulog na 'yun, dahil hindi siya patay.

124 "At ang sumasampalataya sa Akin, mamatay man siya, hayan nga't mabubuhay siya; at ang sinumang nabubuhay at nananampalataya sa Akin, ay hindi mamamatay magpakailanman." Tanging ang mga nasa Aklat ng Buhay ng Cordero, na tinubos Niya noong Siya ay namatay, 'yun ang mga tatawagin Niya mula sa pagkatulog na 'yun, sa araw na 'yun, yaong mga binuhay sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan, na mayroong kapangyarihang nagbibigay-buhay na naroon sa loob nila. Gaya nga ng sinabi ko kagabi; kahit na pagkatapos mamatay ni Eliseo, na nakahimlay na sa libingan ang mga buto niya, 'yung kapangyarihang nagbibigay-buhay ay nasa mga buto pa rin niya.

125 Siyanga mismo, pinatunayan Niya kung Sino Siya. Ngayon nalaman nating muli, na gayundin, pinatunayan din Niya, na, sa Hebreo sa ika-4 na kabanata't ika-12 talata, pinatunayan Niyang Siya ang Salita ng Diyos. Tunay ngang pinatunayan Niya. Pansinin n'yo kung ano ang ginawa Niya. Mga Hebreo, 12, sinasabi ng Mga Hebreo 4:12 na, "Ang Salita ng Diyos ay mas mabisa, higit na buhay kaysa tabak na may dalawang talim, at—at Ito rin ay mabilis na Kumikilala ng mga pag-iisip at hangarin ng puso." Pagmasdan n'yo lamang sandali ngayon.

126 Noong una Niyang sinimulan ang Kanyang ministeryo, pagkatapos Niyang lumabas upang ipakita na Siya ang Salita, paglabas Niya buhat sa ilang mula sa pagtutukso sa Kanya, may isang lalaking nagngangalang Pedro, Simon pa noon ang pangalan niya. At pumunta siya kay Jesus kasama ang kapatid niyang si Andres. At paglapit na paglapit niya sa Presensya ni Jesus Cristo, sinabi ni Jesus, "Ang pangalan mo ay Simon. At ang pangalan ng tatay mo ay Jonas. Mula ngayon ay tatawagin kang Pedro." Pinatunayan nun na Siya ang Salita, dahil ang Salita'y Kumikilala ng mga pag-iisip at hangarin ng puso. Siya ang Salita.

127 Nakita ni Felipe ang pangyayaring ito. Tumahak siya paikot ng bundok, naglakbay siya nang isang araw, at bumalik. At isinama niya ang isang kaibigan na nagngangalang Natanael. At sinabi niya, "Talagang nangyayari na ang mga bagay na ito. Sinabi ni Moises 'ang Panginoon nating Diyos ay magbabangon ng isang Propeta' na gaya niya, at heto na ang naturang Lalaki na ito. Haya't, sinabi Niya kay Simon kung sino siya, maging kung sino ang ama niya, at alam namin na ang sinasabi Niya ay katotohanan. Dahil, sinabi ito ng Diyos sa Salita, at dito napatunayan na gagawin Niya 'yun, at 'yun ang nagpapatunay na 'yun ang Mesiyas."

At paglapit niya sa Kanyang Presensya, sinabi sa kanya ni Jesus, sabi, "Narito ang isang Israelita, na sa kanya'y walang daya."

Sabi niya, "Rabi, kailan Mo ako nakilala?"

Sabi, "Bago ka pa tinawag ni Felipe, noong ika'y nasa ilalim ng puno, ay nakita na Kita." Pinatunayan Niya ang Kanyang Salita. Pinatunayan Niya ang Salita ng Diyos. Pinatunayan nga Niya.

128 Ang babae sa may balon, noong nagkaroon siya . . . Buweno, hiniling Niya sa kanya na painumin Siya ng tubig mula sa pitsel na ginagamit niya na panalok ng tubig mula sa balon, at sinabi niya, "Hindi kaugalian para sa inyo na mga Judio na humiling sa amin na mga babaing Samaritana ng ganoong bagay, dahil wala tayong pakikitungo sa isa't isa."

Sabi Niya, "Pero kung alam mo lang kung Sino ang kausap mo, hihingi ka sa Akin ng maiinom."

Sabi nito, "Malalim ang balon."

At sa pag-uusap, habang nagpapatuloy ito, sa huli'y nalaman Niya kung ano ang suliranin sa babae. At sabi Niya, "Humayo ka't dalhin mo ang iyong asawa, at bumalik ka rito."

Sabi ng babae, "Wala akong asawa."

Sabi Niya, "Katotohanan ang sinabi mo, dahil nagkaroon ka na ng lima, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa."

129 "Aba," sabi nito, "ginoo, nakikita ko po na isa Kang propeta." Ang babae . . . "Hindi kami nagkaroon ng isang propeta sa loob ng apatnaraang taon, siyanga." Sabi, "Nakikita kong isa Kang propeta. Ngayon, alam namin na pagdating ng Mesiyas, na tinatawag na Cristo, pagdating Niya, ipapahayag Niya sa amin ang ganitong uri ng mga bagay. Ganoon ang magiging tanda Niya."

Noong sinabi Niya, "Ako nga Siya na kumakausap sa iyo," Pinatunayan Niya ang Kanyang Salita. Kanyang . . . pinatutunayan natin kung ano ang Kanyang ipinapahayag. Siya ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos.

130 Ngayon nalaman din natin, na ang munting babaing ito na nagkaroon nitong pag-agas ng dugo, na humipo sa Kanyang damit, haya't patunay rin 'yun sa babae na si Jesus ang Salita ng Diyos.

131 Ngayon tandaan n'yo, ngayong gabi, sinabi ni Jesus . . . Gayundin, sa Mga Hebreo, 1, sa ika-3 kabanata ng Mga Hebreo, sa palagay ko, sinabi Niya na, "Siya ngayon ay isang Dakilang Saserdote," sa panahon ngang ito na ating kinabubuhayan ngayon, "isang Dakilang Saserdote na nakaupo sa Karangalan ng Diyos, sa Kalangitan, na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan."

Ang sabi ng Mga Hebreo 13:8, "Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Siya ang parehong Diyos na Siya rin noon. Ganoon pa rin Siya mapasa-hanggang ngayong gabi.

132 San Juan 14:12, sabi Niya, “Ang sumasampalataya sa Akin, ay gagawin din ang mga gawang Aking ginagawa. Mas marami pa rito ang gagawin niya, sapagkat Ako’y paroroon na sa Aking Ama.” Kita n’yo? “Ang sumasampalataya sa Akin, ay gagawin din ang mga gawang ito na Aking ginagawa.”

133 Sa Mateo 28, sabi Niya, “Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, gayunma’y makikita ninyo Ako, sapagkat Ako’y kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan.”

134 Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nakatayo Siya, ngayong gabi, upang patunayan ang Kanyang Salita. (Wala na akong oras.) Pero haya’t pinatunayan Niyang kaya Niya. Pinatunayan Niya ang Kanyang Salita noon, kung anong ipinangako Niya para sa araw na ’yun. Pinatunayan Niya ang mga salita ni Isaias. Pinatunayan Niya ang mga salita ni Noe. Pinatunayan Niya ang mga salita ni Moises. Pinatunayan Niya ang bawat isa sa mga salita ng mga propeta.

135 Ipinangako Niya na sa araw na ito, na araw na kinabubuhayan natin, na mapapasa-kalalagayang Sodoma ang sanlibutan, mga homoseksuwal. Tingnan n’yo na lamang ito sa mundo ngayon, sa buong mundo kung saan ako naglalakbay; hindi lamang dito, sa lahat ng dako. Malala na. Sa Sweden, ang mga kabataang lalaki’t kabataang babae kapag sila’y nagi-ski, sila’y pawang hubad. At sila sa Alemanya at sa Pransya, at sa lahat ng iba pang dako, mistula mismong mga basura na ang mayroon tayo rito sa Estados Unidos. Dahil ito sa kapanahunan. Ako, kung magkaroon ako ng pagkakataon para bumalik, gusto kong magsalita ng tungkol sa ilang mga bagay na propetiko, sa inyo, upang ipakita sa inyo ’yun, itong panahon na kinabubuhayan natin. Sinabi ng Biblia na, “Paghahari-harian na ng mga anak ang kanilang mga magulang.” [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

136 . . . Salita. Pero, alalahanin n’yo, may binhi si Abraham, ito ngang binhi na si Isaac. Nagkaroon siya ng iba pang mga binhi pagkatapos mamatay ni Sarah. At noong siya’y sandaan at apatnapu’t limang taong gulang na, nag-asawa siya ng ibang babae, nagkaroon siya ng pitong anak na lalaki bukod sa mga anak na babae, dahil ibinalik siya ng Diyos sa isang kabataan noong siya’y sandaang taong gulang. Siya noon ay muling naging apatnapu’t lima lamang, kaya pagkatapos siya . . . Alam natin ’yun. Ipinangaral ko na ito sa inyo dito sa California, maraming taon na ang nakalipas.

137 At ngayon nauunawaan natin na ang Binhi ni Abraham ay hindi ang literal na binhing seksuwal sa pamamagitan ni Sarah, na si Isaac, na naging isang bansa, kundi ang maharlikang Binhi ay sa pamamagitan ng pangako, na si Jesus

Cristo. At sa pamamagitan ng Binhing ’yun, nagbangon Siya ng isang maharlikang Binhi. Oh, grabe! Ngayon tayo’y isang maharlikang pagka-saserdote, isang maharlikang bansa, isang bansang banal, na naghahandog ng mga papuri sa Diyos, na ang hain ng ating mga labi ay nagpupuri sa Kanyang Pangalan. Pinatunayan ng Diyos ang Kanyang Salita, ibinuhos Niya ang Espiritu Santo sa atin.

138 Sinabi Niya,“Kung paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, gayundin naman ang mangyayari sa araw na ang Anak ng tao ay nahahayag.” Ngayon napansin n’yo ba? Mula sa Anak ng Diyos, bago Siya maging Anak ni David, ihahayag Niyang muli ang Kanyang Sarili bilang Anak ng tao. Napansin n’yo ba ang Kasulatan?

139 Dahil, lagi na Niyang ginagawa, hindi Siya gumagawa ng anuman malibang ipabatid Niya muna ito sa Kanyang mga lingkod na mga propeta. Ganoon nga mismo. Yun ang pangako Niya. Kita n’yo? Hindi Siya gumagawa ng anuman. . . Hindi maaaring magsinungaling ang Diyos. Palagi Niya itong inihahayag, muna, bago Niya ito gawin.

140 Tingnan n’yo ang situwasyong kinalalagyan natin ngayon. Tingnan n’yo kung nasaan na tayo. Aaminin ng bawat isa sa inyo na nasa modernong Sodoma na tayo. Alam n’yong tiyak na parurusahan ang bansang ito. Mayroong. . . wala nang kapaga-pagasa; wala nang natitirang kaligtasan para sa bansang ito o wala nang iba pang bansa. Sobra-sobra na tayo roon ngayon. Ang mga propesiyang iprinopesiya tungkol dito, ay natupad na. Sinisimot na ng Diyos, kinukuha ang huling munting tupang ’yun saan man ito naroon. Haya’t makakapasok itong lahat, isang araw. Nasa huling panahon na tayo. Tingnan n’yo, sa pagkakaposisyon.

141 Hinihiling ko sa inyo, bilang isang kapatid na lalaki o kapatid na babae mismo, para magdagdag lang pansumandali ng pananampalataya bago natin ipanalangin ang mga taong ito. At alam kong wala tayong nakatakdang oras ng pag-alis. Pero gusto kong—gusto kong—gusto kong simulan na ang pila para sa pananalangin, para kayo na kailangan nang umalis ay maaari nang makaalis sa oras na ’yan. Kita n’yo? Kayo po na gustong manatili sa pila para sa pananalangin ay maaaring manatili. Pero hayaan n’yo lamang ako, bilang isang kapatid mismo, na ipakita lamang ang isang bagay sa inyo sandali.

142 Masdan n’yo si Jesus, sa Lucas 17:30, kita n’yo, noong sinasabi Niya roon ang tungkol sa huling panahon, kung papaano sila matutulad sa mga araw ni Noe. Pagkatapos ang sabi Niya, “At katulad, gayundin naman, sa mga araw ng Sodoma,” sabi, “kapag ang Anak ng tao ay mahayag na.” Ang Anak ng tao muli, hindi ang Anak ng Diyos. “Anak ng tao,” kita n’yo, tumutugaygay ’yan muli sa Malakias 4, pabalik mismo.

Ang lahat nitong iba pang mga propesiya na nagsisipasok, kung papaano ito dapat na maisagawa. Pinatutunayan Niyang gayon nga ang Kanyang Salita. Siyanga.

143 At pansinin n'yo, sa paggawa nun, kung papaano Niya ibubuhos ang Kanyang Espiritu sa lahat ng laman, at kung anong magaganap, kung paano babalik ang pananauli. "At ang inyong mga anak na lalaki at mga anak na babae ay magsasalita ng propesiya. Sa Aking mga lingkod na babae at mga tagapaglingkod na babae ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu. At magpapakita Ako ng mga tanda sa kalangitan sa itaas."

144 Mayroon ako ritong isang larawan, ni Kapatid na Lee Vayle dito. Ibig kong ipakita sa inyo kung anong nangyari dun sa itaas ng bundok, noong isang araw, noong pinalabas ang mga bata sa paaralan, bago lamang itong dakilang paksa ng pagbubukas, nitong Pitong Tatak. Noong lumabas ang mga bata sa paaralan, naroon ako sa itaas na nanalangin, narito ang Apoy na sadyang isang ipo-ipo na bumababa, saka ito bumabalik paitaas at sumasabog, at pumihit at bumabalik nang pababa muli. Iyon ang sinabi Niyang bagay na sasabihin sa mga tao. Kami. . . Hayun nga Ito, kung saan ang mga eskuwelahan sa Tucson. . . at kung saan Ito pumailanlang sa himpapawid.

145 At kumuha ng mga litrato ang siyensiya, at iba pa, at nagtanong tungkol Dito. Sabi nila, "Saan Ito? Anong nangyari?" Hindi nila ito matukoy, kita n'yo. Oh, hindi ito nagawa sa isang sulok, na madilim lamang na budhi. Hindi ganoon kailanman. . . si Jesus, noong narito pa Siya, may milyun-milyong tao ang hindi nakaalam na nasa lupa pala Siya. Oo. Marami ngayon ang hindi makakaunawa, sampung makamilyun-milyon sila.

146 Subalit doon mismo, doon sa kung Kanino Ito ipinadala, haya't mauunawaan nila. "Makikilala ng marurunong ang kanilang Diyos sa araw na iyon, at gagawa sila ng kabayanihan." Napagtatanto natin 'yun, ang oras na kinabubuhayan natin ngayon.

147 Tingnan n'yo ang Sodoma ngayon, tingnan n'yo kung ano ang nangyari. Sinabi Niya, "Gayundin naman kung paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma." Mayroong isang grupo noon ng mga tao na naghihintay para sa isang pangakong anak. Sinasampalatayanan natin 'yun. Si Abraham 'yun at ang kanyang grupo. May isa ring sala-sa-init sala-sa-lamig na grupo, si Lot, hindi lubos na tumalikod, anupa't isang mananampalataya; doon sa Sodoma. Tatlong klase ng mga tao.

148 Naroon lagi ang tatlong klaseng 'yun. Ang mga tao nina Ham, Sem, Japhet. Gayundin, mga mananampalataya, mga kunwang-mananampalataya, at mga di-mananampalataya. Nasa lahat ng dako sila, at ating—ating matatagpuan sila sa bawat grupo. At, kahit saan, matatagpuan n'yo sila. At narito pa

rin hanggang ngayon ang mga grupong 'yan. Kailangan n'yong himayin 'yun. Maaari n'yo itong balikan mismo sa Kasulatan, sadyang tutugma ito mismo.

149 Pakinggan n'yo ito. Tingnan n'yo kung saan na ang kinalalagyan natin, sa pagkakaposisyon, at sa pagkakapropesiya, ngayong gabi. Ngayon, alam ng bawat isa sa atin na ang mundo'y nasa kalagayang Sodomita.

Alam nating ang lahat ng mga propesiya tungkol sa Israel, na nasa sarili nitong bayan na. Kung gusto n'yong malaman sa pagka-bansa kung saan tayo nakatayo, masdan n'yo ang Israel, kung nasaan na ito.

150 Kung gusto n'yong malaman kung ano na ang kalagayan ng iglesya, pagmasdan ninyo ang paraan ng pagkilos ng kababaihan. Siya ang iglesya. Tingnan n'yo siya, imoral, mahalay; masdan, tingnan n'yo kung saan na naroon ang iglesya. Masdan n'yo lamang ito, kita n'yo, kita n'yo, pagmasdan n'yo lamang ang mga kababaihan. Nakikita n'yo na kung saan, kung gaano nang kababa ang estado ng inyong kababaihan at naging salaula na mismo, ganyan na ang inyong iglesya, kita n'yo, ang tipo nito.

151 Masdan n'yo kung nasaan na ang Israel, makikita n'yo rin ang panahong-oras kung nasaan na tayo. Kita n'yo, pagmasdan n'yo lamang ang mga tanda at mga kababalaghan na 'yan. Kung kayo—kung kayo, o kung nakabukas ang mga mata n'yo, tingnan n'yo kung nasaan na tayo.

152 Ngayon tingnan n'yo ang posisyon kung saan na tayo naroon, haya't ang mundo'y nasa kalagayang Sodoma na. Ngayon pansinin n'yo, "kung paano." Ngayon pansinin n'yo, mayroon, sa panahong 'yun, na nakaantabay para sa isang parating na ipinangakong anak. Sina Abraham at Sarah, naghihintay sila para sa isang pangakong anak sa grupo ni Abraham. Wala sila sa Sodoma. Subalit sa sandaling 'yun mismo, sa huling kabanata ng kaganapan, bago mismo dumating ang pangakong anak, may tatlong lalaking bumaba mula sa Langit, isang Anghel . . . dalawang Anghel at ang Diyos. At bumaba sila't nakipag-usap kay Abraham, sa ilalim nung puno ng encina. Tama ba? At nagpunta ang dalawa sa kanila sa Sodoma at sumigaw laban sa mga kasalanan ng lungsod. At 'yun nga'y bago mismo ang pagkasunog ng mundo ng mga Gentil, noong panahong 'yun. Namatay ang buong Sodoma noon din mismo. Iilan lamang ang nahila palabas, si Lot at ang kanyang dalawang anak na babae. Ni hindi na nakalabas ang asawa niya; tumalikod ito. Kung marami lang tayong oras ay gusto ko talagang ipakita ito sa inyo ngayon mismo, kung saan nakatayo ang iglesyang 'yun sa ganoong posisyon. Gusto kong pansinin n'yo ngayon.

153 At nanatili ang isang Lalaki, na nakipag-usap kay Abraham, at gumawa Siya ng isang tanda kay Abraham. At masdan,

nakita na ni Abraham ang Diyos sa maraming mga dakilang tanda. Naniniwala tayo roon, hindi ba? Bago mismo ang darating na anak. Subalit bago nahayag ang anak, mayroong tanda na ibinigay sa kanya.

154 Dahil, ang Anak, ang tunay na Anak, ay magiging ang Anak ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya ni Abraham, kita n'yo, si Jesus. Tayo bilang mga binhi ni Abraham, na patay na kay Cristo, mga binhi tayo ni Abraham.

155 Pansinin n'yo ngayon bago mismo mangyari 'yun, itong anak na ito na darating. Ngayon, ang Isa na ito na nanatili at nakipag-usap kay Abraham, nakatalikod Siya sa tolda, at sinabi Niya, "Abraham." Ngayon, isang araw lang bago 'yun, siya si Abram. Ngayon ang sabi Niya, "Abraham, nasaan ang iyong asawang, si Sarah?" hindi Sarra, S-a-r-r-a. S-a-r-a-h, prinsesa. "Nasaan ang iyong asawang, si Sarah?"

Sabi, "Siya'y nasa tolda sa likod Mo."

156 Sabi Niya, "Dadalawin Kita, kita mo, ayon sa ipinangako Ko sa iyo." Sa madaling sabi, "Sa panahon ng buhay, magsisimula muli si Sarah sa kanyang karaniwang panahon ng buhay."

157 At si Sarah, palibhasa'y matanda na, sandaang taong gulang na noon, nasa loob ng tolda, siya'y lihim na tumawa. Kita n'yo, napangiti siya sa kanyang sarili, sabi, "Papaanong magiging tama ang Lalaking 'yun? Kita mo, matanda na ako, ang aking panginoon na si Abraham na nasa labas, ay matanda na rin, ang relasyong pagbuo ng pamilya'y nawaglit na sa loob ng maraming taon." Sabi, "Paano ako magkakaroon muli ng kasiyahan sa aking panginoon? Matanda na siya, at ako'y matanda na, lampas na sa edad ng panganganak, natuyuan na ng labasan ng gatas, bawat. . . 'Tuyo na siya.' Papaano pa kaming magkakaroon ng kasiyahang muli?"

158 At ang Lalaking 'yun, nakatalikod Siya sa tolda, ang sabi, "Bakit tumawa si Sarah, na sinasabi, 'Papaano mangyayari ang mga bagay na ito?'" Ano 'yun? Espirituwal na pagtalos, isang propetiko! Kita n'yo? Kita n'yo? Iyon ang nakita niya.

159 Ngayon ang sabi Niya, "Babalik 'yun muli, at ang Anak ng tao," na hayun nga, hayun ang Anak ng tao na naroon mismo. Buweno, tinawag niya Siyang Elohim, "Panginoong Diyos." Elohim, alam ng sinuman na tama 'yun, ang Elohim ay ang Panginoong Diyos. "Sa pasimula ay nilikha ni Elohim ang langit at lupa," yaong Isa na ito na buong-kasapatan. Nagkatawang-tao ang Anak ng tao, hayun Siya't nakatayo sa katawang-tao noong panahong 'yun, tulad ng isang theophany, na nakatayo roon at kinikilala kung ano ang sinasabi ni Sarah sa tolda sa likuran Niya. Nangako Siya. Masdan n'yo. Pinangakuan ang Maharlikang Binhi ni Abraham na makikita ang gayon din.

160 Pero pansinin n'yo si Lot, mayroon din siyang mensahero doon, pumunta ang dalawa sa kanila roon. Bumaba ang isa sa

kanila, at isa pa ang bumaba kasama nito, at nangaral sila't nanawagan sa mga tao na magsitakas sila sa galit na darating.

161 Sa posisyon, hindi pa kailanman napasa ganoong kalagayan ang mundo, buhat noong araw na 'yun na nangako si Jesus, hanggang ngayon mismo. Ibig kong tanungin ang sinumang mananalaysay na maaaring nasa loob ng gusali, o kung marinig n'yo maging sa teyp na ito, at marinig ito sa anumang oras, pakisulatan n'yo ako. Pinag-aralan ko ang kasaysayan nang humigit-kumulang tatlumpung taon na, ang kasaysayan sa Biblia, at wala pang tao kailanman ang nakita ko sa buong kasaysayan ng iglesya, sa pitong kapanahunan ng iglesya. Haya't nasa Laodicea na tayo ngayon, at alam natin 'yan.

162 Wala kailanman maging isang mensahero man, na naghayo sa buong iglesya, na ang pangalan niya ay nagtatapos sa h-a-m, hanggang ngayon. G-r-a-h-a-m, Billy Graham. Nagkaroon na ng mga Moody, Finney, Sankey, Knox, Luther, at iba pa, pero hindi kailanman isang h-a-m, "ama ng mga bansa." Ngayon, alalahanin n'yo, siya'y G-r-a-h-a-m, anim na letra. Ngunit, ang A-b-r-a-h-a-m ay pitong letra. Pansinin n'yo, naroon sila, si Billy Graham, nagpupunta sa—sa lahat ng bahagi ng mundo, at nanawagan na lumabas sa Sodoma, "Magsilabas kayo, tumakas kayo sa galit na darating." Walang tao na nalalaman ko, sa pagmimisyon, na nakaunawa't nanghahawakan sa Diyos, sa salitang 'yun ng pag-aaring ganap, na tulad ni Billy Graham. Kaya niya itong ipahayag. Hindi siya ganoong teologo. . . Sa palagay ko'y isa siyang teologo, pero hindi siya isang makapangyarihang tagapagturo. Pero kasama niya ang Diyos. Tatayo roon ang lalaking 'yun na mayroong parang isang aralin sa Sunday school, na mabibighani niya ang mga tao roon. Siya'y lingkod ng Diyos para sa panahong ito. Para kanino? Sa iglesyang natural, na nasa Sodoma.

163 Pero tandaan n'yo, may isang espirituwal na iglesya, na wala sa ganoong maka-denominasyong grupo, siyanga mismo. Tinawag-palabas na grupo, at nakatanggap din sila ng isang mensahe, at isang mensahero. At ano ito? Pagtalos sa mga pag-iisip na nasa puso. Laging pinatutunayan ng Diyos ang Kanyang Salita.

164 Manalangin tayo. Minamahal na Makalangit na Ama, sa mahalagang sandali na ito, kung saan kailangang gumawa ng pagpapasya, tumatakbo ang oras, hindi namin alam kung anong oras maaaring dumating ang aming Panginoon. At habang nakikita namin ang mga propesiyang ito na Kanyang inihayag, sa pamamagitan ng Iyong mga propeta sa mga nagdaang kapanahunan, ay inilalantad na ngayon. Oh Diyos, ganoon na lamang na lubos Kitang pinasasalamatan dahil dito, na kahit ang matipunong lalaki, o lalaking may kasapatan sa—sa teolohiya, na kayang tumayo laban sa mga paninilo ng mundo at sa mga di-mananampalataya, at sa mga panel na

ito, at wala ngang anino ng pag-aalinlangan na tumatayo roon na matatapang at magigiting, na nalalaman kung saan sila nakatayo at nagpapatunay na ang Salitang 'yun ay totoo, sa pamamagitan ng mga Kasulatan. At pagkatapos kami na naghihintay sa Iyong Pagdating, Panginoon, na sinasampalatayanan ang iba pang mga bagay na iprinopesiyang magaganap, ay tatayo at masayang makikita Ka na lumalakad sa gitna namin at ginagawa ang mismong bagay na sinabi Mong mangyayari, na pinatutunayang tama mismo ang Iyong Salita. Diyos na Walang Hanggan, nakaupo rito ang Iyong mga anak na may sakit.

165 Hindi ko alam kung gaano pang karaming oras ang kailangan namin upang gumawa. Papalubog na ang araw sa gabi. Ngunit ipinangako Mo, sa propeta, "Magliliwanag sa oras ng gabi." At nakikita namin na ang parehong araw na sumisikat sa silangan, ay ang siyang lumulubog sa kanluran. Naglakbay ang sibilisasyon kasama ang araw at ngayon ay nasa Kanlurang Baybayin na kami, at naglakbay ang Ebanghelyo kasabay ng sibilisasyon. Ngayon, Ama, alam po naming ito na ang katapusan ng Ebanghelyo, ang katapusan ng panahon, ang katapusan ng kapanahunan. Napapawi na siya tungo sa Walang Hanggan. Ngunit ipinangako Mo na lalabas ang Anak, na ang Anak ng tao ay mahahayag. Na sa mga huling araw, ay ito'y magaganap. Narito na ang Pagliliwanag sa gabi, Ama. Nagpapasalamat po kami sa Iyo para riyan. At hamak man ito, gayunman ginagawa Mo ito nang napakasimple, nang maraming beses, na lumalampas ito sa uluhan ng mga bantog, na tinaguriang malalalim magsipag-isip, at inihahayag ito sa mga sanggol na sila'y matututo.

166 Dalangin ko, Diyos, na Iyo pong gawin itong gayon, ngayong gabi, na makita ng Iyong kaawa-awang mga anak na may sakit dito ang pangako ng Diyos, at ang bawat isa sa kanila'y gagaling, at aalis dito, bukas, na may bagong malalakas na katawan, at magiging magaling muli. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon, upang maihatid nila ang Mensahe mula sa isa't patungo sa isa pa, hanggang sa ang huling 'yun ay makapasok na sa kawan, at pagkatapos ay isasara na ang mga pinto. Lingapin Mo po kami, minamahal na Diyos. Hinihiling ko po sa Iyo, ngayong gabi, sa harapan ng lahat ng ito, kung mamarapatin Mo lamang nang minsan pa, Ama, para sa akin.

167 Ito'y—ito'y parang, noong isang gabi, hindi ito gaanong napansin ng mga tao. Ngunit, dalangin ko, na itulot Mong mangyari itong muli ngayong gabi, Panginoon. Dahil, lumampas na ako sa nakatakdang oras ko para magsalita, pero hindi ko alam kung gaano pang katagal naming gagawin ito. Kaya, dalangin ko po, Ama, maaari Mo po ba akong dinggin? At dinggin ang panalangin nitong mga banal na lalaki't babae na nakaupo rito ngayong gabi, na puspos ng Iyong Espiritu.

Sila'y mga mananampalataya, Panginoon, sadya pong maaari Kang gumawa sa gitna nila. At kami'y. . .Dalangin ko po na pagtibayin Mo ang Iyong Salita na Iyong sinabi, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Ipahintulot Mo itong muli, Jesus, upang patunayang Ikaw ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hinihiling ko ito para sa ikaluluwalhati ng Diyos, sa Pangalan ng Kanyang Anak, na si Jesus Cristo. Amen.

168 Ngayon, pansumandali lang po, gusto kong malaman kung gaano karaming tao rito ang may mga prayer card. Gusto kong—gusto kong itaas n'yo ang inyong mga kamay, bawat isa sa inyo na may mga prayer card. Buweno, sa pangkalahatan, sa palagay ko, halos buong dako mismo.

169 Gaano naman karaming mga tao rito ang walang mga prayer card, at sa kabila nun ay may sakit kayo, maaari n'yo bang itaas ang inyong mga kamay at sabihin, "Wala akong prayer card, at sa kabila nun ay may sakit ako. Nangangailangan ako."

170 Gusto kong hilingin sa inyo na maging mapitagan kayo pansumandali. Ngayon, gustung-gusto kong nakikipag-usap sa inyo. Iyon na noon pa man ang problema sa akin, napapatagal ako sa pagsasalita. Ngunit bago kayo lumapit, umaasa ako—umaasa ako't magtitiwalang patutunayan ito ng Diyos at kung ano ang sinabi ko na siyang Katotohanan, at hayaan—hayaan Siyang makita lamang.

Ngayon, ilan ang nakaupo riyan na may sakit, na alam na wala akong isa mang alam tungkol sa iyo, itaas n'yo ang inyong mga kamay. Tingnan n'yo na lamang 'yan. Sige.

Gusto kong kayo na walang mga prayer card ngayon. Tatawagin na po ang mga prayer card. Ibig kong manalangin kayo.

171 Sabi ng Biblia na, "Si Jesus Cristo'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Sabi niya, "Siya ay isang Dakilang Saserdote na nakaupo roon na namamagitan sa ating pagpapahayag." Kailangan muna nating ipahayag ito, bago Siya maaaring maging Dakilang Saserdote, dahil namamagitan lamang Siya sa ating pagpapahayag. Tama ba, mga kapatid na ministro? Kita n'yo, namamagitan lamang Siya sa ating pagpapahayag, kung ano ang ipinapahayag natin kung ano Siya, kung anong ginawa Niya para sa atin. Hindi kung anong *gagawin* pa lang Niya. Haya't ginawa na Niya ito. Kinakailangan na lamang nating ipahayag na ginawa na Niya ito. "Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay gumaling na tayo."

172 Ngayon, batid ng Ama sa Langit. At sa pagtingin ko sa inyo, haya't nakikita ko na kilala ko ang isa kong mabuting kaibigan dito na taga-Ohio, siya at ang maybahay niya'y nakaupo rito, si G. Dauch at ang kanyang maybahay. At naniniwala ako,

nakaupong pangalawa o pangatlo mula sa kanila, ay muli ang Reverend na ito, si G. Blair na nakita ko kagabi. Madilim po riyan sa mga tagapakinig, sa paningin ko, dahil sa mga ilaw na ito rito na parang medyo malabo tuloy sa akin, at hindi ko—hindi ko kayo gaanong nakikita.

173 Ngunit gusto kong manalangin kayo. At ilagay n'yo sa puso n'yo ang bagay na pangangailangan n'yo, at humiling sa ating Dakilang Saserdote, na Siyang nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan.

174 Ngayon, hindi ko kayo kilala, at maaaring mahawakan n'yo man ako, maging tulad ng paghawak sa iyong kapatid, sa inyong asawa, sa inyong pastor, o kung sino, wala itong—wala itong mabuting maidudulot sa inyo. Ngunit kung Siya ang hahawakan n'yo, at kung talagang nakaayon tayo sa Kanyang Espiritu, kung ganoon magagamit Niya ang ating pananampalataya upang mahawakan Siya, at ang kaloob sa akin para magsalita pabalik sa pamamagitan nito.

175 Kita n'yo, magiging kasing tahimik ako nito, *narito* ito, nang walang boses na nagsasalita sa pamamagitan nito. Kinakailangang mayroong. . .Ito, ito'y walang tunog kung walang bagay rito para magsalita sa pamamagitan nito. At gayon din ang sinumang tao, na siya'y walang imik, pagdating sa mga bagay na ito, maliban na magsalita ang Diyos sa pamamagitan nila.

176 Ngayon manalangin kayo, at tingnan natin kung ang mga bagay na ito na sinabi ko ay totoo. Lingapin nawa ng Diyos na maging ganoon. Hindi ko sinasabi na gagawin Niya. Umaasa ako na gagawin Niya. Nagtitiwala ako na gagawin Niya. Hindi pa Niya ako binigo, sa paglipas ng mga taon, sa ibayo at sa buong mundo, sa lahat na mga bansa, at sa milyun-milyong tao. Hindi pa niya ako binigo. At sigurado ako, kung gaanong katiyak na naniniwala akong nakatayo ako rito, hindi Niya ako bibiguin ngayon.

177 Hihilingin ko sa inyo na maging mapitagan at manatiling nakaupo, pansumandali. Palalabasin natin ang mga tagapakinig na sumubaybay at mananalangin na para sa mga maysakit, sa ilang sandali na lamang.

178 Pero ibig ko na kayo, kayo na mga mananampalataya, na maaari ba na kayo'y huwag tumingin sa akin, bagkus ay manampalataya. Sabihin n'yo, "Naniniwala akong ang sinabi ng lalaking 'yan ay ang Kasulatan. Hindi ko alam kung gaano na kami kalapit sa panahon na sinasabi niya. Pero, kung ito nga, kung ganoon tiyak na mangyayari ito. Kung ang kanyang mga Salita ay mga Salita ng Diyos, kung gayon, ang mga salita niya'y mabibigo subalit ang mga Salita ng Diyos ay hindi mabibigo."

179 Obligado ang Diyos na pagtibayin ang Kanyang Salita. Patutunayan Niya Ito. Patutunayan Niya Ito. "Ang

sumasampalataya sa Akin." Pinatunayan Niya mismo na ito na ang huling araw. Pinatunayan Niya kung ano ang mangyayari. Pinatunayan Niya na dapat na mangyari ito.

180 At, tandaan n'yo, hindi na nakatanggap ng isa pang tanda mula sa Diyos si Abraham at ang kanyang grupo, hanggang sa dumating ang ipinangakong anak. Ilan ang nakakaalam na ganoon nga? Ang tanda na 'yun ng pagkilala! At ang maharlikang Binhi ni Abraham, hayaan n'yong marinig ko kayo. . .Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, tinatanggap n'yo na ang huli n'yong tanda. Ayon 'yan sa mga Kasulatan at sa kapahayagan ng Diyos na nasa puso ko, na nagsasabi na ito ang Katotohanan. At nagtitiwala ako na paniniwalaan n'yo na ito ang Katotohanan.

181 Ngayon manampalataya kayo. Sadyang manampalataya po ang lahat, sabihin n'yo, "Panginoong Jesus, hayaan Mong mahawakan Kita. Mayroon akong pangangailangan sa puso ko, at alam kong walang alam si Kapatid na Branham tungkol sa akin. Ni hindi ko po kilala ang lalaking ito, hindi niya ako kilala, pero Ikaw po ang nakakakilala. At kung sinabi niya sa akin ang Katotohanan, mangyayari nga ito." Hinihiling ko sa inyo, na huwag kayong gumalaw ngayon, pansumandali. Maging totoong. . .

Kita n'yo, espiritu kayo. At inilalagay ko ang bawat espiritung narito sa ilalim ng aking pamamahala, sa Pangalan ni Jesus Cristo, upang matupad ang Kanyang Salita.

Ngayon magpitagan po lamang. Manalangin. Tumuon sa Kanya, sabihin, "Panginoon, sinasampalatayanan ko ito. Tulungan Mo po ako sa aking kawalan ng pananampalataya."

Magsimula na tayo. Kailangan kong ituon ang buong pansin dito sa para bang isang bahagi ng gusali rito, dahil, kita n'yo, napakarami n'yo, at bawat isa sa inyo ay isang espiritu.

182 Hindi ko ito sariling kakayahan. Sasabihin n'yo, "Paano naman ako?" Hindi ko masasabi sa inyo. Ito'y nakasalalay sa taas. Ang lahat ng mga gawa ng Diyos ay nangingibabaw sa lahat. Maraming tao ang gagaling sa pagtawid sa entabladong ito, ngayong gabi, pero marahil marami rin ang hindi. Ang lahat ay nakasalalay sa kapangyariha't kalooban ng Diyos. Sinong makapagsasabi sa Kanya kung ano ang gagawin? Walang sinuman. Gumagawa Siya ayon sa Kanyang Sariling kalooban, sa Kanyang Sariling plano.

183 Pero sumampalataya lamang kayo. Maging mapagpakumbaba. Huwag mangamba. Umabot lamang sa Diyos, at sabihin, "Panginoong Diyos, sinasampalatayanan ko ito." Kita n'yo? "Itulot Mong mahawakan ko ang Iyong damit. Kailangan ko ng *ganito-at-ganoon*. Alam kong hindi ako kilala ng kapatid na ito o nalalaman man niya ang aking pangangailangan, pero sinabi niya sa amin ang tungkol sa mga

bagay na ito na Iyong ginawa, at sinabi na narito Ka na pareho pa rin ngayon."

184 Kayong mga kapatid dito sa entablado'y hindi bukod diyan, haya't sinuman sa inyo. Hinihiling ko lamang sa inyo, mga kapatid, bilang mga kamanggagawa sa—sa Ebanghelyo ni Cristo. Nagsasalita ako sa inyo na sadyang kasing taos-puso ng nalalaman ko, bilang isang—isang taong mamamatay rin katulad n'yo, kita n'yo, na papalisan na sa mundong ito. Kailangan nating lumisan. At kailangan kong managot sa Araw ng Paghatol, para sa kung ano na sinasabi ko. Lubos na nalalaman ko ito, tunay na nalalaman mismo. At pinahahalagahan ko kayong kalalakihan, kung ano kayo, na nakatayo rito't kasama ko, na tinutulungan ako. Sinisikap ko kayong tulungan, na gawin ang lahat ng aking makakaya, para sa kapakanan ng Kaharian ng Diyos.

Nananalangin ako't humihiling.

Dito, ilan na po ang nakakita sa Liwanag na 'yun sa litrato? Nakita n'yo na ba ang larawan Nito? Hayun Ito na nakabitin *doon* mismo. Hindi n'yo ba Ito nakikita?

185 Naroon Ito sa itaas ng ginang na nakaupo roon na may panyo. Nananalangin siya para sa isang mahal sa buhay. Tama, ginang. Ang mahal sa buhay na 'yun. . . Naniniwala ka bang Kanyang propeta ako, o ipagpaumanhin mo, Kanyang lingkod? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tunay na naniniwala ako."—Pat.] Naniniwala ka ba roon? Sige. Ngayon, kung maipapahayag sa akin ng Diyos kung anong problema, aba, tatanggapin mo ba ito na nanggaling sa Diyos, gaya ng kung papaanong 'yung babae'y humawak sa Kanyang damit? Ngayon, alam mong ika'y—ika'y dalawampu o tatlumpung talampakan mula sa akin, o higit pa, hindi ako ang nahawakan mo. Anupa't may Bagay kang nahawakan, na alam mong may kaugnay kang Bagay, o Isang Persona. Kung ano ito, ito'y para sa isang babae, na iyong anak. Tama. Sumasampalataya ka bang gagaling siya? Nalulong siya sa bawal na gamot. Ganoon mismo. Nakikita ko siyang lumalangoy, na lasing. Kita mo? Ngayon, ang panyo na nasa kamay mo, ipatong mo sa kanya, at huwag kang mag-alinlangan. Naniniwala ako na ililigtas siya ng Diyos. Sasampalataya ka ba kasama ko? Amen.

Ngayon, hindi ko kilala ang babae, pero nakikilala siya ng Diyos. Nananampalataya ba kayo ngayon nang buong puso n'yo?

186 Ang lalaking nakaupo roon na nakakamiseta ng guhit-guhit, na may luslos, nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos at paiigihin ka? Nananampalataya ka ba na gagawin Niya ito? Hindi ko pa nakita ang lalaking ito sa buong buhay ko. May prayer card ka ba ginoo? [Sinasabi ng kapatid, "Wala po, wala ako."—Pat.] Wala ka? Hindi mo kailangan ng isa.

"Kung makasasampalataya ka!"

187 Nakaupo rito ang isang babae't patanaw-tanaw sa ibabaw ng babaing ito na nakaupo rito mismo. Isa siyang estranghero sa akin. Ngunit talagang kinakabahan siya. Hindi ko siya kilala. Hindi ko pa siya nakikita kailanman, sa buhay ko. Pero nakikilala siya ng Diyos, at napagtatanto ng babae ngayon na siya'y umuugnay mismo sa isang Bagay. Nananalangin ka riyan para sa isang layunin. Ang dahilan na nananalangin ka, ay hindi ka na makakapanatili nang lampas pa kaysa sa gabing ito. Kailangan mong iwan ang pagtitipon. Binabalak mong umuwi sa iyong tahanan, bukas. Hindi ka taga-rito, o hindi ka rin taga-California. Magpapasilangan ka mula rito. Sasakay ka ng eroplano. Binabalak mong sumakay ng eroplano. Taga-Oklahoma ka. Oo. Siyanga.

188 Nasa kalagayan ka rin na mamamatay ka na. Nagpunta ka rito para maipanalangin. Wala kang prayer card. Ngunit sumampalataya kang ikaw ay gagaling, na kung makapupunta ka lamang dito. Tama. Mangyari pa, ang kalagayan mo ay kanser. Nasa buto ang kanser. Nananampalataya ka bang gagaling ka na ngayon? Sumasampalataya ka bang kaugnay mo Siya, kapatid ko? Marahil ay sasabihin sa akin ng Diyos kung sino ka, kung ganoon makakatulong ba 'yun sa iyo? Kung ganoon nga, itaas mo ang iyong kamay kung sumasampalataya ka roon, na (ang Diyos) makakatulong ito sa iyo. Sige, Gng. Steel, makakabalik ka na sa Oklahoma.

Hindi ko kilala ang ginang. Hindi ko pa siya kailanman nakikita.

189 Narito ang isang ginang na nakaupo rito sa may likuran niya. Pinahihirapan siya ng bukol-bukol na ugat. At may anak siyang lalaki na isang lulong sa alak, at nananalangin siya para rito. Kung sasampalataya siya, maaari siyang gumaling. Gng. Mason, sasampalataya ka ba nang buong puso mo, at sasampalatayang ipagkakaloob ni Jesus Cristo ang kagalingan sa iyo? Nananampalataya ka ba?

Sige, kung ganoon ipatong mo ang iyong kamay sa ginang na 'yan na nakaupo sa tabi mo riyan, ipinapanalangin niya ang asawa niya na hindi pa ligtas. Ipagkakaloob ng Diyos ang kagalingan.

Manalangin tayo.

190 Mahal na Diyos, dalangin ko na Iyo pong ipagkakaloob ang pagpapalang 'yun sa kanya. Ipagkaloob Mo po sa babaing 'yun ang nais ng kanyang puso, Panginoon. Napakalapit ng pananampalataya niya sa Iyo, nahawakan Ka nito. At dalangin ko, Ama, na Ikaw ay tutulong, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Ngayon ay manampalataya ka nang buong puso mo, na tinanggap mo na ito. Maaari mo bang gawin 'yun? Sige. Pagpalain ka ng Diyos.

Nananampalataya ka bang maliligtas ang iyong asawa, ginang? Nananampalataya ka ba nang buong puso mo? Itaas mo ang iyong kamay, na nananampalataya ka.

191 Para bang mayroon, sa harap ko, na isang babaing napakabigat. Nakaupo siya roon. Naniniwala ka bang lingkod ako ng Diyos? Naniniwala ka bang lingkod ako ng Diyos? Naniniwala ka. Sige. Hindi kita kilala. Ang bagay na suliranin sa iyo, ay 'yung glandula. Sobra ka sa timbang. Nagpunta ka na sa isang doktor, sinabi niyang wala raw siyang magagawa tungkol dito, subalit 'yun ay isang makalupang doktor. Kita mo? Ang iyong . . . Kakakaroon mo lang ng labis na pagdadalamhati. Nawalan ka ng asawa. Hindi ka taga-rito. Taga-Arkansas ka talaga. Naghahanap ka rin ng trabaho, at hindi ka makahanap ng trabaho. Nangangamba ka, tungkol sa isang bagay, na baka hindi ka matawag. Subalit nahawakan ng pananampalataya mo ngayon ang Diyos. Aking kapatid, humayo ka, na nananampalataya. Pagkalooban ka ng Diyos ng isang trabaho, ipagkakaloob sa'yo ang nais ng puso mo.

Pinatutunayan ng Diyos na totoo ang Kanyang Salita. Naniniwala ka ba na ganoon nga ito? Ngayon ibig kong samahan mo lamang ako para manalangin muli.

192 Diyos Ama, Ikaw rin ang Diyos na nagpatunay. Noong sinabi Mo, "Hindi patay ang batang babae, siya'y natutulog," pagkatapos ay kinailangan Mo itong patunayan. Ngayon, ipinangako Mo, na bago dumating ang wakas ng panahon, ay ihahayag ng Anak ng tao ang Kanyang Sarili sa parehong paraan na ginawa Niya sa Sodoma. Ipinangako Mo 'yun, Panginoon. Ngayon ay naparito Ka sa lupa, sa anyo ng Espiritu Santo, at pumarito ka sa kalagitnaan namin, ngayong gabi, na mga nananampalataya, at pinatunayan ito. Pinatunayan Mo ang Iyong Salitang gaya ng pinatunayan Mo noong araw na 'yun. Panginoon, hindi na namin kailangan ng patunay. Nasa gitna Ka na namin. Iniibig Ka namin. At nalalaman namin na ito na ang huling tanda bago ang Pagparito Mo, ayon sa mga Kasulatan. At lahat ng mga anino't mga tipo'y hindi kailanman nabibigo. Sigurado ang mga ito.

193 Kaya't dalangin namin, Ama, habang lumalapit ang Iyong mga anak ngayon upang maipanalangin, na gumaling ang bawat isa. Wala nawang may sakit na matira sa gitna namin, sa pagtatapos ng gawaing pagpapagaling na ito. Oh mahal na Diyos, maaari Mo po bang itulot na ang Iyong pahid ay mabiyayang bumaba sa Iyong bayan ngayon din, upang ang bawat isa sa kanila'y gumaling?

194 At kung mayroong ilan dito, na hindi Mo pa mga anak, at batay sa mga bagay na ito, na . . . Narinig nila ang Salita at nakita ang bagay na nagawa, na sadyang eksaktong

napatunayan sa mismong titik, at kung Sino Ka at kung ano Ka, na narito Ka.

195 At, Panginoon, Iyo bang—Iyo bang pagpapalain ang isang kasinungalingan? Aba't, tiyak na hindi po, Panginoon. Anupa't nangako Ka na pagpapalain Mo ang Iyong Salita, at hindi Ito babalik na walang bunga. Gaganapin Nito ang layunin Nito. At ngayon ay ginawa Mo 'yun sa harap namin, ngayong gabi, na walang anumang anino ng pag-aalinlangan.

196 At habang nakayuko ang ating mga ulo, mayroon bang mga tao rito na hindi pa nanampalataya kailanman noon, na gustong itaas lamang ang inyong kamay? Nakayuko ang inyong ulo, itaas n'yo lamang ang inyong kamay. At tumayo kayo, at sabihin, "Ako ngayon ay nananampalataya na, nang buong puso ko. At ibig kong tanggapin si Jesus Cristo, ngayon din." Maaari n'yo bang gawin 'yun, sinuman po, sinuman po na narito, na hindi pa tumanggap kay Cristo, at gusto n'yo nang gawin ito sa oras na ito? Hindi ko sasabihin sa inyong. . . Sige't dumalo lang kayo sa simbahan na pinili n'yo. Pero ang hinihiling ko sa inyo'y tanggapin n'yo si Jesus Cristo habang kayo. . . Marahil hindi pa kayo nagiging malapit sa Kanya kahit kailan hanggang sa makita n'yo Siya nang personal sa pagparito Niya sa Kanyang katawan na nakikita na mula sa Kalangitan. Tatanggapin n'yo na ba Siya ngayon kung hindi n'yo pa nagawa 'yun?

197 Yamang wala akong nakikitang nakatayo rito, naniniwala ako kung gayon na kayong lahat ay may maliwanag na pag-iisip, matitinong tao, at nalalaman kung anong ginagawa ninyo. Kung nakaupo kayo riyan sa ilalim nito, tandaan n'yo, "Kung ikahihiya ninyo Ako sa harap ng tao, ikahihiya Ko kayo sa harap ng Aking Ama." Mayroong isang tumatayo, marahil, oo, sa mga nakikinig, diyan sa likod.

198 Minamahal na Diyos, ang mga 'yun ay maaaring, hindi ko nakikita, na nakatayo, na nais nilang tanggapin Ka. Nalalaman nila, Panginoon, na hindi pa ito nagagawa hanggang sa panahong ito, at ngayon ay kinukumpirma Mo ito at pinatutunayan na ito nga. Dalangin ko, Ama, na sa kanilang mga puso, na kakaibang kumilos 'yun sa oras na ito. . . Papaano namin malalaman kung ito na ang huling taong papasok? Maaaring ito na ang katapusan ng Los Angeles. Baka ito na ang huling kaluluwa na maisisilang sa Kaharian. Hindi namin alam kung kailan darating ang oras na 'yun. At kapag dumating na nga ito, isasara na ang pintuan, makukumpleto na ang Katawan. Hindi ito magiging kakatwang Katawan o isang kakatwang Nobya. Magkakaroon lamang ito ng maraming bahagi na ang mga pangalan ay nailagay na sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan, na kaya dumating si Jesus ay para kunin, kagaya ni Adan, haya't pumunta siya para iligtas ang kanyang asawa. Dalangin ko po Diyos, na tanggapin Mo sila ngayon sa Iyong Kaharian. Nasa Iyong mga kamay na sila.

Kaugnayin mo sila, Panginoon, 'yan ang dalangin ko sa Pangalan ni Jesus. Amen.

199 Pagpalain ng Diyos ang bawat isa sa inyo na tumayo. Hindi ko alam na nakatayo na pala ang ilan sa inyo. Tumayo ang ilan sa likod, ang ilan ay doon sa balkonahe. Ngayon gusto kong gawin n'yo ang isang bagay para sa akin. Unawain n'yo sana ako. Makipagkita kayo sa ilang ministro rito at pag-usapan n'yo ito, pagkatapos ng panambahan. Maaari n'yo bang gawin 'yun? Huwag n'yong hahayaan itong mabigo. Kung hindi pa kayo nababautismuhan sa Cristianong bautismo, 'yun po ang isunod n'yong gawin, at pagkatapos panatilihin n'yong nakataas ang inyong mga kamay hanggang sa matanggap n'yo ang Espiritu Santo.

200 Ngayon, at maraming tao ang may hawak ng prayer card dito. Hihilingin namin sa kanila na tumayo, at umakyat dito, at sa palagay ko'y maglakad lang sa kabila. O ako ba ang pupunta. . .[Sinasabi ng isang kapatid, "Hindi."—Pat.] Hindi pala ako makakagawi riyan. ["Manggaling po kayo sa gilid na ito rito."] Mula sa gilid na *ito* rito, makakalabas kayo sa gawing ito, dito sa gilid na ito, 'yung mga taong may hawak na mga prayer card.

201 At ngayon kung mayroon man sa inyo na kailangan nang umalis, ito'y. . .Atrasado na pala ako. Paumanhin po. Sisikapin kong mas agahan na bukas ng gabi. Sa. . .haya't sampung minuto na makalipas ang alas diyes, ayon diyan sa orasan sa may dingding. Sige't maraming salamat sa inyong pagdalo ngayong gabi, at pagpalain nawa kayo ng Diyos ng Langit. Kung gusto n'yong manatili at subaybayan ang pila para sa panalangin, kayo'y maluwag na pinahihintulutan sa tuwina. Pero sisimulan na nating manalangin para sa mga maysakit ngayon, at ayaw ko kayong patagalin maliban na gusto n'yong manatili. Sige't makakauwi na kayo sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Sumainyo nawa ang kapayapaan ng Diyos at pagpalain kayo, at nawa'y pagkalooban kayo ng kapahingahan sa inyong mga katawan, sa magdamag, at pagkalooban kayo ng magandang kalusugan upang makabalik kayo muli bukas ng gabi. Sumainyo ang Diyos ngayon.

202 At sige't patayuin na 'yung mga may hawak na prayer card para sa pananalangin ngayon, habang pangkalahatan tayong mananalangin para sa mga tao. Ngayon gusto naming malaman n'yo, ngayon, kayo na nakatayo na may hawak na prayer card, mayroon bang anumang pag-aalinlangan sa inyong buhay? Mayroon bang anumang, pasensya na po, anumang kasalanan sa buhay n'yo na hindi n'yo naipagtapat? Kung mayroon, hayaan n'yong hilingin ko ito sa inyo. Huwag kayong pumunta sa pila para sa pananalangin na may hindi pa ipinagtatapat na kasalanan sa inyong puso. Dahil, dapat n'yong. . .Ito ang tinapay para sa mga anak, kita n'yo. At kung hindi ka pa

Cristiano, isuko mo na ang iyong buhay kay Cristo, diyan sa pila para sa pananalangin, at pagkatapos ay saka ka lumapit. Ito'y para sa mananampalataya. Maaari n'yo na bang gawin 'yan? Tanggapin n'yo muna Siya bilang inyong Tagapagligtas, at pagkatapos ay pumunta kayo sa entablado, para maipanalangin.

203 Ngayon ipapanalangin ko ang bawat indibiduwal; hindi lamang basta dadaanan sila, na parang kung anong kinaugaliang seremonya. Nasa isang simbahan tayo ngayon. Sa tingin ko'y binigyan tayo ni Kapatid na babaing Wyatt ng dahilan para manatili tayo at makapanalangin. [Sinabi ng isang kapatid, "Oo, magdamag, hangga't gusto n'yo po."—Pat.] Maaari tayong manatili hangga't gusto natin. At nagpapasalamat ako kay Kapatid na babaing Wyatt at sa mga kawani rito, sa pagpayag sa atin na gawin 'yun. Pagpalain siya ng Diyos. Ang magiting niyang asawa'y tumayo sa entabladong ito, nanalangin para sa mga maysakit, hanggang sa siya'y namatay, sa pagkakaalam ko, isang tunay na sundalo ng krus. At ngayon sinisikap kong ipagpatuloy na gawin ang parehong bagay, na pagpalain ang mga taong ito.

204 At ngayon idinadalangin ko na ang bawat isa sa inyo'y dumaan dito...Hindi n'yo kailangang isaysay ang anumang nais n'yo. Hindi n'yo kailangang isaysay ng anumang diperensya sa inyo. Pumunta lamang kayo at hayaan n'yo akong ipanalangin kayo, at manampalataya kayo.

205 Naniniwala ba kayo na isinugo ako ng Diyos para gawin ito? Itaas n'yo ang inyong kamay. Natatandaan n'yo ba kung ano ang sinabi ng Anghel ng Panginoon? "Kung mapapaniwala mo ang mga tao sa iyo, maging tapat ka kapag mananalangin ka, walang makahahadlang sa harapan ng iyong panalangin." At alam n'yong totoo 'yun. Napatunayan na ito, nang paulit-ulit.

Ngayon hihilingin ko sa ating Kapatid na babaing Rose, kung mamarapatin niya, na tugtugin 'yung, *Only Believe*, o, *The Great Physician Now Is Near*, o kung ano.

206 Ibig kong ang bawat isa sa inyo ngayon na—na makisama sa akin. Maaari bang kayo, rin, na mga wala rito sa pila para sa pananalangin, maaari ba kayong manalangin para sa mga taong narito? Buweno, ipangako n'yo 'yan sa kanila, sa pamamagitan ng pagtataas ng inyong kamay, "Mananalangin ako, kita n'yo. Mananalangin tayong lahat." Buweno. Sige.

Ibig ko sana na kayo, kung kinakailangan n'yong umalis, ay umalis lamang po nang talagang tahimik ngayon, para hindi sila makaabala habang tayo'y mananalangin.

Naniniwala ka bang matatapos na ito ngayon, kapatid? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Nang buong puso ko."—Pat.]

Minamahal na Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kapatid na babae, na hinahamon ang paghihirap ng kanyang

katawan. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, lisanin na nawa siya nito. Amen.

Pagpalain ka, kapatid.

Nananampalataya ka ba nang buong puso mo? Lahat ng iyong mga kasalanan ba'y naipagtapat na? Ikaw ba, sa pagkakaalam mo, handa ka nang tanggapin ang iyong kagalingan?

207 Minamahal na Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa aking kapatid, sa Pangalan ng Iyong Anak, na si Jesus Cristo, at hinihiling na ang paghihirap ng kanyang katawan ay mawala na, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Lahat ba ng kasalanan ay naipagtapat na, at handa ka na ba para sa iyong kagalingan? Nananampalataya ka ba, kapatid? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Buong puso akong nananampalataya."—Pat.]

208 Minamahal na Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa aking kapatid, dahil alam namin na narito Ka, Panginoon. Dalangin ko na pagagalingin Mo siya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Lahat ng kasalanan ba'y naipagtapat na? Hindi, hindi ka nakakarinig. Nananampalataya ka ba na makakarinig ka na? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Nananampalataya ako. Pero matagal na akong bingi."—Pat.] Manampalataya ka.

Bingi ang babae ngayon. Mananalangin tayo rito.

209 Minamahal na Diyos, dalangin ko po na pagalingin Mo ang aming kapatid, at alisin ang pagkabingi na ito sa kanya. Naroon siya sa isang saradong mundo, kung saan hindi siya makarinig. Dalangin ko na pagkalooban Mo siya ng kagalingan, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus.

210 Hihilingin ko sa mga tao na panatilihin n'yong nakayuko ang ulo n'yo, pansumandali. Gusto kong makita kung anong nangyari sa kanya. Ngayon, pakiusap lang, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na walang sinuman ang mag-angat ng kanilang ulo o mata. Ngayon, huwag n'yong gawin 'yun hangga't sabihin ko sa inyo.

211 Naririnig mo na ba ako? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Medyo malabo po." Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang mga kamay niya nang minsan. "Naririnig kita."—Pat.] Naririnig mo ako? ["Medyo po."] Naririnig mo ba? Nakakarinig na siya ngayon. [Pumalakpak si Kapatid na Branham nang minsan pa.] Kita n'yo? Naririnig mo ba ang tunog na 'yun?

212 Ngayon ay manampalataya ka nang buong puso mo. Sasampalataya ka ba? At manampalataya ka, at pagagalingin ka nang lubusan ng Diyos. Sabi niya. Nanalangin lamang ako't inilagay ang mga kamay ko sa tainga niya, at sabi niya may naririnig na raw siya. Sige, magpatuloy ka lang

ngayon, na nananampalatayang ganap ka nang makakarinig, at makakarinig ka.

Naipagtapat mo na bang lahat ang mga kasalanan mo, kapatid? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Nakahanda ka na ba para sa kagalingan? ["Opo."]

213 Minamahal na Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa aking kapatid na babae, batid na walang mabuting bagay sa amin, sa aming sarili. Pero nalalaman namin na mga Cristiano kami, na ipinanganak ng Espiritu ng Diyos. At pinapatungan namin ng mga kamay ang aming kapatid na babae't hinihiling ang kanyang kagalingan, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

214 Ngayon nananampalataya ka ba na gagaling ka? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Mabuti na po."—Pat.] Sige, ngayon ika'y—ika'y pinagaling na. Ganyan nga ang paggawa rito. Siyanga. Tama.

215 Lahat ba ng kasalanan mo'y naipagtapat mo na? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo, ginoo."—Pat.] At handa ka na ba para sa iyong kagalingan? ["Opo."] Nananampalataya ka ba, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, na ang Diyos na Siyang nakatatalos sa mga puso ng mga tao, ay pagagalingin ka? ["Nananampalataya po ako."]

216 Ama naming Makalangit, dalangin ko na pagagalingin Mo ang aming kapatid, habang ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kanya't hinihiling sa Pangalan ni Jesus Cristo na pagalingin Mo siya. Amen.

217 Kumusta po kayo? Hayan nga, alam mong alam ko kung ano ang diperensya sa iyo. Pero hindi ko lang 'yun sinasaysay; dahil, alam mo, ito'y—ito'y magpapatuloy at magpapatuloy lamang. Pero kung mamarapatin mo . . . Naipagtapat mo na bang lahat ang mga kasalanan mo? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Siyanga, po."—Pat.] At nananampalataya ka bang pagagalingin ka ng Diyos? ["Siyanga, po."] Naniniwala ka bang ang artritis . . . Nasabi ko na ito.

Minamahal na Diyos, dalangin ko po na tutulungan Mo siya't pagalingin siya. Ipagkaloob Mo po ito, sa Pangalan ni Jesus.

Hindi ka malulumpo. Humayo ka, na nananampalataya nang buong puso mo.

218 Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Amen."—Ed.] Lahat ng kasalanan mo ba'y ipinagtapat mo na't handa ka na para sa iyong kagalingan? Naniniwala ka ba na magiging maayos na ang likod mo?

Minamahal na Makalangit na Ama, dalangin ko po na pagalingin Mo siya't pabutihin ang pakiramdam niya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, magkagayon nawa. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Humayo ka, na nananampalataya ngayon.

Naipagtapat na bang lahat ang mga pagkakasala, kapatid, handa ka na ba sa kagalingan mo?

Minamahal na Diyos, ang kanyang mga kasalanan, sabi niya, ay naipagtapat na. Ipinapatong ko ang aking mga kamay sa babaing ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, hinihiling ko ang kanyang kagalingan. Amen.

219 Naipagtapat na bang lahat ang mga kasalanan? Tama ka nga marahil, malubha ang sakit mo, alam mo 'yun. Alam mong batid ko ang diperensya sa iyo. At naniniwala ka bang pabubutihin ka ng Diyos at pagagalingin ang puso mo't pabubutihing lubos ang pakiramdam mo?

Minamahal na Diyos, dalangin ko na sa Pangalan ni Jesus Cristo, ay pagagalingin Mo siya't pabubutihin ang pakiramdam niya. Lisanin nawa siya nito, Ama, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos ngayon. Huwag kang mag-alinlangan. Humayo ka, na nananampalataya.

Naipagtapat mo na bang lahat ang mga kasalanan mo? Nakahanda ka na ba para sa kagalingan?

Minamahal na Makalangit na Ama, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa aking kapatid na babae. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, nawa'y gumaling siya. Amen.

Huwag kang mag-alinlangan. Humayo ka, na nananampalataya.

Lahat ng kasalanan ay naipagtapat na ba, handa ka na ba para sa kagalingan?

220 Minamahal na Makalangit na Ama, dalangin kong Iyo pong pagalingin ang aming kapatid na lalaki, paigihin ang pakiramdam niya. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Pinapatungan ko siya ng mga kamay, para sa layuning ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos. Sinasampalatayanan ko ito nang buong puso ko.

Sumasampalataya ka ba ngayon, kapatid na babae? Ang lahat ng pagkakasala ba'y naipagtapat na't handa ka na para sa kagalingan?

Minamahal na Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kapatid na babae, sa Pangalan ni Jesus Cristo, gumaling nawa siya para sa Iyong ikaluluwalhati. Amen.

221 Ngayon sadyang maraming beses na ang katulad n'yan, na isang dampi lang, gaya ng sinabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito'y tataglayin ng mga nananampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit." Nagsimula kong mapansin, sa mga pagtitipon, na umeepekto ito nang limampung

porsiyentong mas mataas kaysa sa nagagawa nito kapag tinatawag mo ang mga tao na pumila, para talusin isa-isa, dahil iilan lamang ang naaabot mo sa ganoon. At, sa ganitong paraan, haya't mas marami ang gumagaling.

222 Naipagtapat mo na ba ang lahat ng iyong mga kasalanan ng kawalan ng pananampalataya at lahat na ibang bagay? Nananampalataya ka ba ngayon na gagaling ka? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo, at pinalaya na."—Pat.]

Minamahal na Diyos, dalangin ko na pagalingin Mo ang aming kapatid habang hawak ko ang kanyang mga kamay at humihiling sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa kanyang kagalingan. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

Nananampalataya ka ba ngayon? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Lahat ba ng mga kasalanan mo'y naipagtapat mo na? ["Opo."]

Minamahal na Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa aming kapatid, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa kanyang kagalingan. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

Parang napakaliit na bagay, pero ang Diyos ang Siyang nangako nito.

Naipagtapat mo na ba ang mga kasalanan mo?

Minamahal na Diyos, dalangin ko pong pagalingin Mo ang kapatid naming babae na ito. Habang pinapatungan ko siya ng mga kamay sa Pangalan ni Jesus Cristo, humayo nawa siya't umigi na ang lagay. Amen.

Naipagtapat mo na ba ang mga kasalanan mo?

Minamahal na Diyos, dalangin ko po na pagalingin Mo ang aming kapatid, habang pinapatungan ko siya ng kamay, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Ngayon sa paglapit n'yo na dala ang mekanika, tumama nawa ito sa dinamika, haya't gagana ito.

Naipagtapat mo na ba ang mga kasalanan mo? [Sumagot ang kapatid na babae—Pat.] Handa ka na.

Minamahal na Diyos, dalangin ko na pagalingin Mo siya at pabutihin ang pakiramdam niya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

Naipagtapat mo na bang lahat ang mga kasalanan mo? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Lahat na po."—Pat.]

Minamahal na Diyos, habang tinitingnan ako ng babaing ito sa mata, naniniwala ako roon. Dalangin ko na pagalingin Mo siya, sa Pangalan ni Jesus.

223 Inihahatid mo lamang siya, hindi ba, kapatid? Inihahatid mo lang ba siya? Sige. Nananampalataya ka ba, kapatid, na pagagalingin ka ng Diyos? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Nananampalataya ako na kaya ng Diyos na muling ibigay sa akin ang aking paningin."—Pat.] Pagpalain ka ng Diyos.

224 Makalangit na Ama, Ikaw po ay maawain sa tuwina sa mga bulag, at sa mga nangangailangan. Ngayon ay nakita nila ang ginawa Mo ngayong gabi. Kaya pinaniniwalaan namin, Panginoon, ang dakilang huling tanda na ito na kumikilos sa kalagitnaan namin ngayon. Hinihiling ko po na mapasa babaing bulag na ito ang kanyang paningin, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Ngayon, ipagbigay-alam mo ito sa amin. Ipagbigay-alam mo.

[Nakikipag-usap ang isang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] Oh, oo, naniniwala ka na pagagalingin ka ng Diyos? ["Hallelujah!"]

Minamahal na Makalangit na Ama haya't ipinapatong ko po ang aking mga kamay sa aming kapatid na babae at hinihiling na pagalingin Mo siya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Sabihin mo lang sa amin kung kumusta ka—kung kumusta ang magiging lagay mo.

Sumasampalataya ka ba, kapatid? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo, sumasampalataya ako."—Pat.]

Oh Minamahal na Makalangit na Ama, idinadalangin ko po ang aming kapatid, nagtitiwala na pagagalingin Mo siya ngayon. Ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kanya, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Ngayon manampalataya ka. Tama 'yan. Humayo ka lamang, na nananampalataya.

Nananampalataya ka ba, kapatid? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo."—Pat.] Lahat ba ng kasalana'y naipahayag na?

Minamahal na Diyos, dalangin ko na pagalingin Mo po ang aming kapatid at pabutihin ang pakiramdam niya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Nananampalataya ka ba, kapatid na babae?

225 Oh Diyos, idinadalangin ko na, sa Pangalan ni Jesus Cristo, nang may pagpapakumbaba, sa tamis at kaamuan ng oras na ito, pagalingin nawa ng Espiritu Santo ang babaing ito. [Sinasabi ng kapatid na babae, "At idinadalangin ko, idinadalangin ko ang anak kong lalaki. Dalawampung taon ko na siyang hindi nakikita."—Pat.] Dalangin ko na ipadala sa iyo ng Diyos ang iyong anak, kapatid, na minamahal. Pagpalain ka ng Diyos.

Minamahal na Ama, idinadalangin ko po ang aming kapatid na babae rito. Sa katimyasan ng Espiritu Santo, dumating

nawa Siya ngayon at pagalingin ang kapatid naming babae, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Pagpalain ka, kapatid na babae.

Minamahal na Diyos, idinadalangin ko ang aking kapatid na lalaki, habang nakatayo siya rito at pinapatungan ko siya ng aking mga kamay, at humihiling para sa kanyang kagalingan, sa Pangalan ni Jesus.

Pagpalain ka, kapatid ko. Buweno.

Batang lalaki?

Minamahal na Diyos, sa pagpapatong ng mga kamay sa bata, pinagpapala ko siya sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa kanyang kagalingan.

Sumasampalataya ka na ba ngayon, kapatid na babae? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Gusto mo rin bang maipanalangin?

226 Minamahal na Diyos, idinadalangin ko siya, habang pinapatungan ko siya ng mga kamay. Ngayon, ito po ang Iyong atas, 'yan ang sinabi Mong gawin, "Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit, sila'y gagaling." Sinabi Mo ito, Panginoon. Amen.

Ngayon, sinabi Niya 'yun, hindi ba? Kinakailangan na sa ganoong paraan, kapatid.

Minamahal na Diyos, idinadalangin kong Iyong pagalingin ang aming kapatid na babae at pabutihin ang kanyang kalagayan, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae.

Nananampalataya ka ba, kapatid?

227 Minamahal na Makalangit na Ama, hinihiling ko po ang Iyong pagpapala sa aming kapatid na babae, na sinusunod lamang namin ang sinabi Mong gawin. Ang sabi Mo, "Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit," sabi Mo, "sila'y gagaling."

228 Maaari ba akong tumigil dito pansumandali lamang, para sabihin dito, para pagpahingahin lamang sandali ang mga tao, pansumandali. Sabi minsan ng isang kritiko, sa akin, na hindi raw 'yun ganoon. Pero, nakita n'yo, sabi Niya, "Lalakip ang mga tandang ito."

229 Narinig n'yo na ang Mensahe ko ukol sa *Ang Paglilitis*, na nililitis si Jesus. Kita n'yo, sinabi Niya noon kay Noe, "Uulan." Hindi umulan sa loob ng isang daan at dalawampung taon, pero umulan pa rin. Sinabi niya kay Abraham na magkakaanak siya kay Sarah. Lumipas mismo ang dalawampu't limang taon. Hindi naman Niya sinabi kung kailan. Sinabi Niya lang na

magkakaanak sila. Makalipas ang dalawampu't limang taon, nangyari ito. Kita n'yo, hindi Niya sinabi kung kailan.

230 Ang sabi niya, "Ang panalangin na may pananampalataya ay magliligtas sa may sakit. Ibabangon sila ng Diyos. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit, sila'y gagaling." Iyan ba ang sinabi Niya? Hindi Niya sinabi na tatalon sila't gagawin ito kaagad. Sinabi niya, "Sila'y gagaling." Kita n'yo, 'yun ang pangako Niya. Yun ang sinasampalatayanan natin.

Halika, kapatid. Naniniwala ka ba na totoo 'yan? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Kung ganoon ay walang paraan upang hindi ka gumaling.

Ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kapatid na babae, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa kanyang kagalingan. Amen.

Nananampalataya ka ba kapatid? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Naipagtapat mo na bang lahat ang mga kasalanan mo, at nakahanda ka na ba?

Minamahal na Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kapatid, bilang pagsunod sa Iyong utos, at humihiling po ako para sa kanyang kagalingan, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

231 Ibig kong kayo na mga ipinapanalangin, ibig kong gawan n'yo ako ng pabor. Ibig kong ipagbigay-alam n'yo, bago matapos ang mga pagtitipon na ito, kung ano na ang nangyari; at hayaan lamang ang mga tagapakinig, ang ibang tao, na makita kung ano talaga ang nangyayari. Maaaring bukas, sa susunod na araw, o kung kailan, antabayanan lamang n'yo kung anong mangyayari.

232 Ipinakita ng mga sulat sa akin na ito'y—ito'y ibang-iba kaysa sa hayaan lamang silang sumubok, subukan ang sarili nilang pananampalataya. Dahil, sabi ni Jesus, "Ipapatong nila ang mga kamay sa kanila. Ipapatong nila ang mga kamay sa kanila, sila'y gagaling." Ngayon unawain n'yo ang sinabi Niya. Hindi Niya sinabing tatalon sila't tatakbo pabalik-balik sa silid. Puwede nilang gawin 'yun. Pero ang sinabi Niya, "Sila'y gagaling." Yun nga ba ang sinabi Niya? Yun mismo ang sinabi Niya. Kaya 'yun ang paniniwalaan ko. At narito Siya ngayon, ang Isa na 'yun na nagsabi ng Salita'y haya't narito upang ipangyari ito na magkaganoon.

Nananampalataya ka ba, ginoo? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Amen."—Pat.]

Minamahal na Makalangit na Ama, sa pagtatapat ng kanyang pananampalataya at paniniwala, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kanya, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa kanyang kagalingan.

Minamahal na Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa babaing ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa kanyang kagalingan. Sige.

Minamahal na Ama, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa babaing ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa kanyang kagalingan. Sabi Mo, "Siya'y gagaling."

Nakahanda ka na ba para sa kagalingan, kapatid na babae?

Minamahal na Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kanya, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyo pong pagalingin siya.

Sige, kapatid na babae, minamahal, lahat ba'y nakahanda na para sa kagalingan? Natugunan na ba ngayon ang iyong pananampalataya, naniniwala ka bang ika'y gagaling?

233 At, Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kanya, bilang pagsunod sa Iyong utos, "Sa buong sanlibutan, sa lahat ng nilikha." Ipinapatong ko ang mga kamay ko sa kanya, sa Pangalan ni Jesus, para sa kanyang kagalingan.

Minamahal na Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kapatid kong lalaki, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa kanyang kagalingan.

Minamahal na Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kapatid kong babae, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa kanyang kagalingan.

[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . pababa ng pasilyo. Ayaw ko lang na mapagod kayo. Magiging maayos ka na kung sasampalatayanan mo 'yan ngayon.

Minamahal na Diyos, dalangin ko pong Iyong pagalingin ang aking kapatid na babae, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . para tulungan akong ipanalangin ang mga taong ito.

234 Ngayon mayroon tayo ritong ilang mga panyo, at iba pa, rito, para maipanalangin. At gusto kong patuloy n'yo akong samahan ngayon sa panalangin, ngayon, sa maliliit na parselang ito, ngayon. Alam ko na para bang masyadong nakakatwa para sa mga tao na ipanalangin ang mumunting bagay na kagaya nito. Pero kung makakapunta lamang kayo sa tanggapan ko, minsan, at magmasid lang. Kung itinuloy lang sana natin ang mga patotoo sa mga nakalipas na mga taon, sa palagay ko'y hindi kayo magsisiksikan sa entabladong ito, na mga gumaling sa pamamagitan lamang ng pagpapadala ng mga telang ito na ipinanalangin kagaya nito, milyun-milyong mga ganito, sa buong mundo. Ngayon, alam n'yo ba kung ano ito—ano ito?

Sige't kunin n'yo ang panyong 'yun para sa—sa batang 'yun na . . . Malalaman mo naman ang iyong panyo, hindi ba, kapatid? Sige.

235 At nakita ko na ang maliliit, na mga pilay na bata'y gumaling. At nakita n'yo, kung ano ito, isa lamang itong bagay na nahipo, tulad ng sinasabi noon ni Oral Roberts. Ito lamang

ay isang bagay na nahipo. Nananalangin tayo. Ngayon, hindi natin ito ginagawa sa ating sariling kaisipan, ginagawa natin ito dahil inuutusan tayo ng Biblia na gawin ito. Alam nating lahat na totoo ’yan.

236 Ngayon, maraming tao ang nagpapahid ng mga panyo, at iba pa. Buweno, ngayon, sa tingin natin ay ayos lang ’yun, siyanga, pero kung atin lamang . . . Haya’t hindi sinabi ng Biblia na “pinahiran” nila ang mga panyo.

237 “Ngunit kinuha nila sa katawan ni Pablo ang mga panyo.” Ngayon nakita n’yo na kung anong sinasabi ko? Ngayon, kung ano ang nakita nila, ay yaong kapangyarihang bumubuhay na nakay Pablo, na alam nilang lingkod siya ng Diyos. Alam nilang nasa kanya ang Diyos. Alam nila ang lahat ng bagay na nahahawakan niya ay pinagpapala. Ilan ang nakauunawa nun? Sabihin n’yo, “Amen.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

238 Alam n’yo, sa tingin ko si Pablo’y ganap na nakaayon sa Kasulatan sa kanyang ginawa. Hindi ba’t ’yun din sa tingin n’yo? Gusto n’yo bang sabihin ko sa inyo kung saan sa tingin ko niya nakuha ang ideya na gawin ito? [May nagsasabi, “Mula kay Eliseo.”—Pat.] Mula kay Eliseo, tama po. Kita n’yo, sabi ni Elias, “Kunin mo ang tungkod na ito at ipatong sa bata.” At ipinadala ng propeta ang tungkod dahil alam niyang pinagpapala ang lahat ng kanyang hawakan. Alam niya ang kanyang posisyon. Siya . . . kung maibubunsod lamang niya ang babae na makasampalataya sa naturang bagay mismo.

Ngayon tingnan n’yo, siyanga, ni hindi sinabi ng Biblia, “Ipapanalangin nila ang mga maysakit.” Sabi nito, “Ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit.”

239 Ngayon isipin n’yo na lang, nakita ng mga tao noon, kay apostol Pedro, na nahayag ang Presensya ng Diyos sa taong ito, hanggang sa sila’y—sila’y naglagay ng mga tao sa kanyang anino, at sila’y gumaling. Ilan ang nakakaalam na ’yun nga’y ayon sa Kasulatan? Kapareho lamang na Kasulatan ng Juan 3:16. Kita n’yo, ang lahat ng Ito’y Salita ng Diyos. Ngayon, ang mga tao, alam n’yong hindi pinagaling ng anino ng lalaking ’yun ang mga tao.

240 Ngunit, tingnan n’yo, kung ang kapangyarihan ng Diyos ay nasa propetang ’yun, sa loob ng maraming taon pagkatapos niyang mamatay, hanggang sa maitapon ang isang patay na tao sa kanyang katawan, sa kanyang mga buto. Ni wala na mismo ’yung katawan doon; ang naroon na lamang ay mga buto. At nasa mga butong ’yun ang Presensya ng Diyos, hanggang sa nabuhay ang patay na taong ’yun.

241 Ngayon hindi ba’t nalalaman n’yo na ang Diyos ding ’yun na gumawa ng lahat ng bagay na ’yun ay narito mismo sa

gabing ito? Para sa—para sa akin, sa tingin ko dapat tayo ang pinakamasayang tao sa buong mundo. Isipin n'yo na lang ito.

242 Ako'y—ako'y umaasa na hindi ko naitanim sa isip ng mga tagapakinig ko na maniwala na ito'y isang bagay na ako mismo ang gumagawa. Kayo'y—kayo'y higit ang nalalaman kaysa riyan. Ako, ako'y kapatid lamang n'yo, kita n'yo, at kapatid lamang n'yo ako.

243 Pero alam ko, alam ko nga ito, na narito ang Diyos. At alam kong may ibinigay Siya sa atin, na hindi natin maipaliwanag ito, sa pamamagitan lamang ng Salita ng Diyos, na nagpapahayag na narito na ito sa panahong ito. Kaya, nagbibigay rin ito sa atin ng pagkakakilanlan upang malaman na nabubuhay na tayo sa huling mga araw. Nagbibigay ito sa atin ng pagkakakilanlan upang malaman na ang mga taong ito, ang mga piniling ito, mga hinirang, tinawag, predestinado . . .

244 Ngayon, isa 'yung malaking salita, *predestinado*, pero alam nating lahat na ito'y katotohanan. Lubos nating nalalaman na itinalaga na ng walang katapusang Diyos ang lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng paunang kaalaman bago pa man naitatag ang sanlibutan, maging ang Cordero'y pinatay na noon; at bawat pangalan na mailalagay sa Aklat, ay inilagay na sa Aklat bago pa man naisulat ang Aklat. Ngayon ilan ang nakakaalam na totoo 'yun?

245 At dumating si Jesus upang—upang tubusin yaong mga nasa Aklat. Sa Biblia, nanggaling ang Cordero sa likod ng tabing, at kinuha ang Aklat at binuksan ang mga Tatak kung saan Ito'y natatatakan, dahil lumapit Siya upang angkinin ang lahat ng Kanyang mga tinubos. Siya ang Tagapamagitan ngayon, isang Tagapamagitan na namamagitan para dun sa mga tinubos Niya. Lahat mismo na ang pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero, ay mga tinubos.

246 Gaya ng nasabi ko sa isang tahasang maikling pahayag noong isang gabi . . . habang hinihintay ko ang . . . lahat ng panyo rito. Hayan po't hindi po ako nagsisimulang mangaral uli, pero sinabi ko roon ang isang maikling pahayag . . . Umaasa ako na hindi ito, magmistulang kalapastanganan, kita n'yo. Pero tulad nung magsasaka na nagpalimlim ng inahing manok, at wala itong sapat na mga itlog, kaya kumuha siya ng isang itlog ng agila, at inilagay niya ito sa ilalim nung inahing manok at napisa nito ang isang agila. At isa siyang kakaibang ibon mismo kumpara sa lahat ng mga manok, dahil ang pagkakita nila sa mga bagay-bagay ay di-magkatulad. Pero 'yun lang ang nakita niya, 'yung inahing manok. Isang tinig lamang ang narinig niya, hindi niya ito kapareho ng tinig. Hindi rin siya makagawa ng tinig na tulad ng sa inahin o ng tulad sa iba pang mga manok. Hindi siya nasisiyahan sa kanilang kinakain, dahil kumakain sila mula sa bakuran ng kamalig. May kakaiba sa

kanya, gayunman hindi niya alam kung ano 'yung kaibhan na 'yun.

247 At pagkatapos isang araw, naroon ang nanay na agila na nalalamang siya'y nangitlog ng ganoong karaming itlog. At may isa sa mga itlog na 'yun, na anak niya mismo, ang nawawala. Kaya naman hinanap niya ito, at natagpuan niya ito sa bakuran ng kamalig. At sumigaw siya. At pagsigaw niya, nakilala nung munting agila ang tinig ng nanay. Gaya ng sinabi ni Jesus, "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig."

248 Sa tingin ko, kagabi, noong makita ko ang panel na 'yun ng mga Baptist, Presbyterian, at kung anu-ano pa, maaaring inilabas sila sa ilalim ng inahing manok. Paumanhin po, kapatid, kita n'yo. Ngunit alam ni Nanay na naroon ang Kanyang mga minamahal sa kung saang dako mismo. Kaya ang mga lalaking nakatayo roon, haya't hindi naman sila nagrereklamo sa pagkaing ipinapakain sa kanila ng inahing manok, at ng iba pa, anupa't ngayon sila'y mga agila, kita n'yo, lumilipad sila para sa kanilang pagkain. Kita n'yo?

249 At sa palagay ko ang iglesya ay parang isang eksenang nakita ko kamakailan, noong nagbiyahe ako galing ng Tucson, o nanggaling sa—nanggaling sa Phoenix, papunta ng Tucson. Nakakita ako ng isang kataka-takang tanawin. At medyo nabagbag nito ang puso ko, na makita kung ano ang nangyari, kung paanong. . .ang isang lawin, na dating lumilipad sa himpapawid, isang kapatid ng agila, na tumitipo sa iglesya.

At si Jehovah ang Agila. Tinawag Niya ang Kanyang mga propeta na "mga agila." Tinawag Niya ang Kanyang Sarili, Jehovah, na "Agila."

250 Ngunit ang lawin na ito'y matagal nang nawalan ng pagkakakilanlan, dahil hindi na ito pumapailanlang sa himpapawid at nanghuhuli ng karne na dapat ay ganoon sana. Anupa't nauupo na lang ito sa mga kawad ng telepono at kumikilos na parang isang hayop na nanginginain ng nabubulok na bagay. Siya'y—siya'y naghahanap ng mga patay na kuneho na nasagasaan ng mga sasakyan, at siya at ang mga buwitre'y nagpupunta roon at magkasamang kumakain. Kaya lumulukso-lukso na siya na parang buwitre, imbes na maglakad gaya ng nararapat niyang lakad. Nawaglit na ang kanyang pagkakakilanlan.

251 At sinasabi ko ito nang may buong maka-Diyos na pagmamahal at paggalang, matagal nang naiwaglit ng iglesya ang pakakakilanlan nito bilang isang kapatid na agila. Nauupo na lang siya sa paligid. Sa halip na humukay sa Salita at hanapin kung ang mga bagay na ito ba'y tama, haya't naghihintay na lang siya ng santambak na mga Sunday school na literatura na binuo ng isang grupo ng mga intelektuwal sa kung saang lugar, isang patay na kuneho na napatay sa ibang lugar. Palukso-lukso na

parang isang buwitre! Tulungan nawa tayo ng Diyos na lumipad palayo roon.

Ang mga pangakong ito'y totoo. Hindi kung ano ang sinabi ng isang tao tungkol Dito, kundi kung ano ang sinabi ng Diyos tungkol sa mga ito! Totoo ang mga ito. Labis akong nagagalak na mapasama sa mga agila.

Sama-sama tayong manalangin para sa ating mga kasamahan na may karamdaman.

252 Minamahal na Makalangit na Ama, itinuturo sa Biblia na kinuha nila mula sa katawan ni Pablo, ang mga panyo at tapi, at nagsilabas ang mga demonyo sa mga tao, at ang mga karumal-dumal na espiritu'y nagsialis sa kanila. Ngayon, Ama, ako na nakatayo rito para sa mga panyong ito, ay kumakatawan sa bawat isa na naririto. Ito ang Katawan ni Cristo, kami na magkakasama. Aming inaangkin, sa pamamagitan ng biyaya't pag-ibig, na narito kami upang kumatawan sa Kanyang Nobya, at nananampalataya, at kasama Niya sa Kanyang Kaharian. At alam naming hindi kami si San Pablo, pero alam namin na Ikaw pa rin si Jesus.

253 At idinadalangin namin na Iyong kikilalanin ang pananampalataya ng mga taong ito. Kung nabuhay sila noong panahon ni Pablo, siguradong narinig din nila ang siya ring Ebanghelyong ito, nakita ang parehong mga bagay na ito. Kaya naman, sila'y parehong uri ng mga tao. Ikaw ay siya pa ring Diyos. Kaya idinadalangin ko, Mahal na Diyos, na Iyong kilalanin ang kanilang pananampalataya, tulad ng ginawa Mo doon noon sa panahon ng Biblia. At nawa ang bawat kapangyarihan ng demonyo, bawat karamdaman, bawat pagdurusa, na gumapos sa mga tao na kinakatawan ng mga panyo't parselang ito rito, haya't lisanin nawa sila ng masamang kapangyarihan ng sakit na 'yun.

254 Sinabi, minsan, na ang Israel ay lumalakad sa inilinyang tungkulin para sa kanila, patungo sa isang lupang pangako. At sa mismong sa linya ng tungkulin, dumating ang kaaway at sinukol sila sa isang sulok, at hinarangan sila ng Dagat na Pula mula sa linya ng tungkulin, at sa kanilang paglalakad. At tumunghay ang Diyos mula sa kalangitan, sa pamamagitan ng Haliging Apoy, at natakot ang dagat. Iniurong ang mga alon nito, dahil ang mga alon ng Diyos ay nasa ilalim ng dagat. At gumawa Ito ng daan para sa Kanyang mga anak, na lumalakad sa linya ng pagsunod.

255 Ngayon po, Diyos, kung ang Dagat na Pula'y matatakot, at papawiin ang mga alon nito, papawiin ang mga tubig nito, at magbibigay ng lugar sa mga naglalakbay na mga anak na nagmamartsa sa pagsunod; Mahal na Diyos, ngayong gabi, tumunghay Ka sa pamamagitan ng Dugo ng Iyong Anak, na si Jesus, na Siyang nangako. At kapag inilapat na ang mga panyo

na ito sa mga may sakit na katawan ng mga tao, tumingin nawa ang mga mata ng Diyos, at ang sakit nawang 'yun, ang diyablong 'yun, ay matakot at tumalilis palayo. At ipagpatuloy nawa ng mga tao ang paglalakbay patungo sa Lupang pangako, nang may mabuting kalusugan at kalakasan. Kung papaanong naglalakad noon ang Israel sa ilang, na walang kahit isang tao na nanghihina sa kanila, hanggang sa kabilang dulo. Maipagkaloob nawa ito sa mga taong ito, Ama, sapagkat ipinapadala namin ang mga panyong ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

256 Pagpalain kayo ng Diyos, bawat isa. Habang kinukuha n'yo na ngayon ang inyong mga panyo, manampalataya kayo nang buong puso n'yo. Naniniwala ba kayong naririnig ito ng Diyos? Kita n'yo? Gusto kong—gusto kong sabihin ito. Huwag, huwag kayong mag-alinlangan, kahit kaunti. Kita n'yo, maaaring para bang kakaiba ito. Ipagpaumanhin n'yo ako, pansumandali. Huwag kayong mag-alinlangan, kahit kaunti. Kundi manampalataya kayo ngayon, na ang hiniling natin, ay ipinagkakaloob ng Diyos.

257 Naniniwala ba kayong 'yun ang Diyos na narito, na natatalos ang lihim ng inyong puso? Alam n'yo at sumasampalataya kayo na 'yun ang Diyos? Ngayon para maging malinaw lamang ito sa inyong isipan ngayon, na hindi ito maaaring maging iba pa. Kita n'yo?

258 Ngayon, papaano kung magkakaroon ng magandang bukas, ilang taon ang lilipas haya't ito'y magiging kasaysayan na lang. At kapag ang mga tao, sa mga darating na taon, kung ito'y magiging ganoon nga, pupunta sila at sasabihin, "Buweno, kung nabuhay sana ako noon, nakita kong ipinangyari 'yun, siyanga't, 'yun lang ang kinailangan kong malaman. Pinaniwalaan ko na sana noon din!" Kita n'yo, ang parehong bagay na pinaniniwalaan n'yo, kung naroon lamang kayo noong ginawa Niya ito noon! Tandaan n'yo, Siya'y siya pa rin. Kanyang Buhay Ito na nasa inyo. Pagpalain kayo ng Diyos.

65-0426 Pagpapatunay Sa Kanyang Salita
Embassy Hotel
Los Angeles, California U.S.A.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org